# Ang Pagdakip sa 'Pseudo-Pusong': Isang Panimulang Pagbasa(g) at Reklamasyon ng Kontra-Pusong sa *Dx Machina 4*

# *The Apprehension of the 'Pseudo-Pusong': A Preliminary Reading and Reclamation of the Counter-Pusong in Dx Machina 4*

**John Carlo S. Gloria**
Ateneo de Manila University

## ABSTRAK

Nananatiling bugtong ang tauhang pusong dahil sa kakayahan nitong igpawan ang anumang pagkakategoryang ipinapataw rito. Likas sa katangian ng karakter ang makatawid sa iba't ibang anyong pampanitikan, magsaaparisyon sa mga yugto ng kasaysayan, at magbukas ng mga panibagong posibilidad sa pagbubuo ng sarili. Pinatototohanan ito ng paglitaw ng *sovereign trickster*, na isang panibagong pormulasyon at interogasyon sa pusong. Ang ganitong pagbasa ay nagsisilbing espasyo upang igiit ang pusong bilang komplikadong figurang nakaugat sa salimuot ng kaniyang kaligiran, at paanyaya rin sa muling pagdalumat ng kaniyang temporal na pag-iral. Sa halip na isakasaysayan, tinatangka ng pag-aaral na imapa ang mga kaisipang hinggil sa tauhan upang makapag-ambag ng panibagong diskurso ukol dito. Gamit ang tropo bilang balangkas na nakadiin sa mga pagpipihit at pananayutay, isasakdal ang *sovereign trickster* bilang *pseudo-pusong*, kasabay ng pagpapakilala sa *kontra-pseudo-pusong* bilang diyalektikal nitong kontrapelo. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagbasa sa *Dx Machina 4* bilang pangunahing teksto ng pagsusuri. Inaasahang sa patuluyang proseso ng pagdadalumat, pagpapalawig, at pagtotropo, makapaghahain ang sanaysay ng bagong pagbasa sa pusong na muling makapagtatanghal sa tauhan bilang bahagi ng kagalingang panlipunan.

**Mga Susing Salita**: pusong, pseudo-pusong, kontra-pseudo-pusong, tropo, *Dx Machina 4*

## ABSTRACT

The character of the *pusong* (trickster) remains to be an enigma as it continues to elude the confining categorizations imposed upon it. It carries with it the capacity to traverse different literary genres, manifest across various epochs of history, and engender new constructions. This is affirmed by the recent introduction of the *sovereign trickster*—a novel conceptualization and interrogation of the character. Such reading about the *pusong* serves as a locus for asserting the complexity of its nature and an invitation to reanalyze its temporal existence. Consequently, this study attempts to map, rather than to historicize, ideations surrounding the character, thereby enriching the discursive notions about it. Drawing upon the frameworks on tropes that dwell on *turns* and figurations, the *sovereign trickster* will be reread as a *pseudo-pusong* while introducing its dialectical counterpart, the *kontra-pseudo-pusong*, using *Dx Machina 4* as the primary text of analysis. The study envisions that through this simultaneous process of deconstructing, elaborating, and troping, the essay will be able to offer a new reading of the *pusong* that can reintegrate the character within the ambit of social renewal.


**Keywords**: *pusong, pseudo-pusong, kontra-pseudo-pusong*, trope, *Dx Machina 4*

Malayo-layo na ang naging paglalakbay ng pusong kung tataluntunin ang mga iginugol na panunuliranin at pag-aaral na nakasentro sa tauhang ito na nakaugat pa sa mga prekolonyal na kuwentong-bayan. Minsan na itong nabalaho bunga ng miyopikong pagturing ng mga iskolar sa kuwentong pusong bilang pawang materyal na pang-aliw lamang at pananda ng primitibismo ng isang kultura.[1] Sa kabilang banda, nakasulong buhat sa ganitong pag-unawa ang tauhan nang simulang pahalagahan ng akademya ang bisa ng pagpapatawa. Sa mga sangandaang ito na binaybay ng pag-aaral sa pusong, interesanteng pagmunian din ang mga permutasyong kinapalooban ng imahen sa iba't ibang anyong kultural sa Pilipinas tulad ng mga kuwentong pambata, dulang pantanghalan, komiks, pelikula, at maging mga palabas sa telebisyon. Mula rito ay makikita hindi lamang ang pagiging malaganap ng pusong kundi pati na rin ang kakayahan nitong makatawid, magbagong-hubog, at maggiit ng sarili sa samot-saring tekstong kakawing ng mga puwersang panlipunan at mga moda ng produksiyon.

Kilala ang tauhang pusong sa sangkapuluan ng Pilipinas at nagtataglay ng maraming taguring ikinakapit sa kaniya. Siya ang pusong para sa mga Bisaya, Juan Tamad para sa mga Tagalog, Pilandok sa mga Maranao at Tausug, at Juan Pusong sa Bicol at iba pang rehiyon sa bansa.[2] Gayundin, sa iba’t ibang anyo ng panitikan, mayaman ang terminong ginagamit bilang pantukoy sa kaniya gaya ng bobo, pusungan, alicayo, gracioso, at bulbullago (Ancheta 12). Maikakatwiran, kung gayon, na humihikayat ang pagiging malaganap na ito ng mga kuwentong pusong sa bansa ng isang pagbabalik sa mga naunang pagpapahalaga at pagsusuri dito bilang isang tauhan at imahen sa iba’t ibang tekstong kultural.

Sa *Vocabulario de la lengua tagala* nina Juan de Noceda at Pedro Sanlucar, binigyang-kahulugan ang pusong bilang “mayabang, walang hiya, eskandaloso” (“Pósong”). Halos ganito rin ang magiging lagom nina Donn at Hariett Hart ukol sa tauhan: tuso, arogante, mapanlinlang, mapang-isa, at mapagtawa. Sa paghahambing nila ng pitong wika sa Pilipinas—Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Bicol, Cebuano, Hiligaynon, at Samareño—halos nagiging magkasingkahulugan ang salitang tamad at pusong (136). Ang mga pagkakahawig sa mga depinisyong ito ay lalahatin ni Nicanor Tiongson sa kaniyang pag-aaral sa pusong sa Dulang Tagalog sa ganitong paglalatag: “(1) mababa o mahirap na lalaki, (2) na mabagal, tamad at antukin, (3) mahangin at walang-galang, (4) ignorante at walang huwisyo, (5) pintasero at matabil ang dila, (6) pilyo at marunong sa buhay, at (7) bastos at malaswa” (304). Sa paghahanay na ito ng mga pinaghuhulugan ng salita, namumukod-tangi ang panuring ni Tiongson sa pusong bilang “marunong sa buhay” dahil sa predominasyon ng negatibong ugaling taglay nito. Marapat ding bigyang-diin ang taglay “dunong” o “talino” ng pusong bagaman itinatago niya ito sa likod ng pagpapanggap na mangmang. Katunayan, mababanggit din sa pag-aaral ng mga Hart na itinuturing ng kanilang mga impormante ang mga kuwentong pusong bilang mga nakaaaliw na naratibo ng pakikipagsapalaran dahil sa taglay nitong talino at “diskarte” (Hart at Hart 142). Katulad nito ang obserbasyon ni Sr. Maria Delia Coronel sa mga kuwentong Pilandok. Aniya, “maraming baryasyon sa mga kuwentong ito at nagpapakita ang bawat isa ng pagtakas ni Pilandok sa mga komplikadong sitwasyon gamit ang kaniyang talino . . . larawan si Pilandok ng pagpapakita ng matayog na isip at talino” (Coronel 30, sariling salin). (“The stories of Pilandok are very many and varied. Each story shows how he manages to escape a complicated situation by his wit . . . . Pilandok now and then shows brilliance of mind and wit . . .”)

Sa mga nabanggit, kapuna-punang nakadiin ito sa mga katangiang taglay ng pusong. Madaling ipagpalagay buhat dito na ang pag-iral ng tauhan ay maisasalig sa mga karakterisasyong ikinakapit sa kaniya. Subalit sa kabilang banda, makikita rin ang salimbayang kontradiksiyon sa mga paglalarawang ibinibigay sa tauhan—maaari siyang kumatawan sa isang tao o isang hayop; maging sinungaling o may mabuting loob; at matalino o mahina ang ulo (De Guzman). Bukod pa rito, mawawari ang kamalayan ng pusong pagdating sa kaniyang kinalalagyang posisyon sa lipunan. Alam niyang bahagi siya ng mga nagbabanggaang puwersa ngunit nananatili siyang tagalabas at tagasaksi lamang sa mga talabang ito na nagaganap sa kaniyang paligid (Ancheta 15). Waring nagsasatalinghaga ang tauhang pusong sa lenteng ito kung kaya't ang masalimuot na paglulugar sa kaniyang mga katangian ang lalong nakapagpapatuon dito ng interes at pinagmumulan din ng mga haka hinggil sa nagiging bisa at gampanin nito sa isang naratibo o anumang kinaroroonang teksto. Mula sa ganitong panimulang panunuliranin, tinatangka ng sanaysay na maidiskurso ang mga naging pagbabago sa pag-unawa sa tauhang pusong nang sa gayon ay maimapa rin dito ang paglitaw ng isang pseudo-pusong. Inaasahang sa pagsasagawa ng pagsusuring tropolohikal, mapangangatwiranan ng pag-aaral ang pagsasadiwa ng dinadalumat na tauhan at ang posibilidad ng panibagong permutasyon nito—ang kontra-pseudo-pusong—na matatagpuan sa mga akda sa loob ng *Dx Machina 4*. Layon ng ganitong pagturol ang reklamasyon sa pag-unawa sa tauhang minsang kinagiliwan ng masa at naging kaisa sa mga pagpupunyaging patungo sa kagalingang panlipunan.

## Ang Pusong: Didaktiko-Subersibo

Isa sa mga katwiran ng pagiging popular ng pusong sa bansa ay ang multiplisidad ng tinig at bisa nito. Nagagawang tawirin ng tauhan ang parehong landas ng pagiging didaktiko at subersibo. Kaya naman, maaalala rito ang binanggit ni Mikhail Bakhtin na kapasidad na mag-alinsabay ng maraming pagwiwika, pagsasatinig, at pagdidiskurso sa loob ng isang akda (*Dialogic Imagination* 12ff).[3] Binibigyang-diin nito ang likas na pagiging dialohiko at pagiging maramihan ng pagwiwika—bagay na tinataglay rin ng mga akdang kinaroroonan ng pusong.

Isang figurang moral ang imahen ng pusong na nagpapatunay sa mga alituntuning pambayan o bilang halimbawang nagpapamalas ng kung ano ang posibleng kahinatnan sa oras na hindi masunod ang mga preskripsiyong panlipunan.

Ipinababalikat sa pusong ang pagiging isang tauhang hindi dapat tularan ninuman upang mapanatili ang kaayusan. Dahil sa kaniyang padaskol-daskol na kilos at pagiging bulgar, madalas na siya ang pinagmumulan ng mga sigalot sa isang pagtitipon o pangyayari (Christen xii). Sa ganitong pagtingin, nagiging mapagparikala ang bisang didaktiko ng tauhan: kailangan niyang kumilos nang tiwalag sa inaasahan upang maisulong ang "aral" o kaisipan sa loob ng naratibo. Bibigyang-partikularidad ito ni Tiongson sa pagsasabing maaaring maging papel ng pusong sa komedya ang pagiging tagapaglagom ng kabuoang mensahe ng dula at magbigay ng kaniyang opinyon hinggil dito o tuwirang magbigay-aral sa manonood na maihahawig sa estilo ng pasyon (308). Samantala, sa pag-aaral naman ni Laurence Castillo hinggil sa metriko romanseng *Buhay na Pinagdaanan ni Juan Tamad na Anac ni Fabio at ni Sofia, sa Caharian ng Portugal, na Hinango sa Novela*, kaniyang binakas ang didaktisismo ng pusong buhat sa karanasang kolonyal ng bansa (357–86). Dito ay naging salalalayan ang relihiyon bilang aparatong kolonyal ng mga Español na makikita sa erudisyon ni Juan Tamad sa kartilya na naglalaman ng mga panalangin at doktrina ng Simbahan. Malinaw rin sa akda ang pagkasangkapan ng mga mananakop sa literasi bilang galamay ng kolonisasyon at mapanghahawakang patunay sa pagiging masunuring suheto ng sakop sa kapangyarihan. Samakatwid, lumilitaw na naging instrumento rin ng mga Español ang pusong sa pagbabandera ng aral ng mananakop upang higit na mapanghawakan ang isip, katawan, at kaluluwa ng mga isinusuheto nito.

Sa kabila ng ganitong pag-aangkop sa mga kuwentong pusong at katutubong imahinasyon, nagagawa pa ring bitbitin ng pusong ang radikal nitong tinig laban sa agos ng didaktisismong sekular at kolonyal. Katunayan, higit na malusog ang mga magiging pagdalumat sa potensiyal ng tauhan na maging mapagpalaya. May kapasidad ang pusong na hamunin ang kaayusang ipinapataw ng isang sistemang panlipunan. Pinaiigpaw niya ang kaniyang mga tagasubaybay sa kanilang mga sarili upang maipakita sa kanila ang mga bagay na pamilyar subalit maaaring hindi gaanong napag-iisipan o nasusuri. Nililigalig sila ng pusong sa pamamagitan ng paghahain ng iba pang mga perspektiba sa isang paksang posibleng sumasalungat sa kasalukuyang nilang pananaw.[4] Ang pagwasak sa mga panuntunan, pang-uuyam sa maykapangyarihan, paglikha ng gulo gamit ang panlilinlang o pagkatuso ay pawang mahahalagang katangian ng pusong sapagkat ang mga ito ay larawan ng pagbalikwas sa namamayaning kontrol. Mula sa mga katangiang ito, nabibigyang-

artikulasyon ng tauhan ang ilang sentimyento ng mga mambabasa o manonood hinggil sa lagay ng lipunan—nagagawa ng pusong na yanigin, kahit pansamantala, ang mga estabilisadong bahagi ng kaayusan. Ito ang dahilan kaya ituturing ni Maria Rhodora Ancheta na ang tauhang pusong sa mga dula ay nasa panig ng masa (18). Nakabubuo ng matalik na ugnayan ang pusong sa kaniyang mga tagasubaybay dahil sa mga ikinikilos niyang nakahuhulagpos sa itinuturing ng bayan bilang katanggap-tanggap. Ito ang dahilan kaya hihirangin din ng marami ang tauhang ito bilang kawangis ng kanilang mga sarili, pang-araw-araw na buhay, at maging ng kanilang mga lunggati. Kung gayon, naisasakatuparan ng pusong ang paglagos sa hangganan ng telon ng tanghalan at naisasakatawan ang aktuwal na pagdanas sa bayan ng mga manonood. Naisasagawa ng pusong ang tinuturol na pagbalikwas sa kaayusan sa pamamagitan ng paglalaro sa wika, pagbabantad sa suliraning pambayan, pagpapakita ng tunggalian ng mga damdamin at kaisipang panlipunan, at paghamon sa namamayaning status quo.

Sa ganitong paglalatag, subersibo ang maaaring ilapat na turing sa pagtatanghal at pag-iral ng pusong sa teksto. Sa pamamagitan ng mga naratibong ito, nagagawang makabalikwas laban sa umiiral na kaayusan—ang nakatataas ay ginagawang katawa-tawa samantalang ang mga nasa ibaba ay ginagawang maabilidad, may kapasidad mag-isip nang mabilisan, at nagagawang makapagbigay-kritika. Mula rito, pansamantalang napagtatagumpay ng pusong ang mga naaapi (Tolentino 41).

Mahalaga ang tinutupad na gampanin ng mga kuwentong pusong sa konteksto ng hindi ganap na pagsang-ayon sa sistemang kinapapalooban nito. Sa pamamagitan nito, hindi nagiging totoong nagsasawalang-kibo ang nasa ibaba, ang sakop, o ang api. Nakapag-aangkin ng halina ang mga salaysaying ito sapagkat nagagawa nitong pagtagumpayin ang mga ginagapi at nagkakaroon ng pagkakakarnabal ang sandali: ang mayhawak sa poder ay naiisahan ng ordinaryong mamamayang nagkakaroon ng katumbas na kapangyarihan kaya't nagiging manipestasyon ito ng kolektibong sentimyento ng bayan at hindi lamang ng iilan. Gayundin, kabilang sa sandata ng pusong ang pagiging mapagpatawa nito. Dahil pinagsasanib nito ang pamumuna sa pagbibiro, nailalagay sa espasyong liminal ang mga akto ng tauhan at nakapagsasanga sa maraming pagpapakahulugan.[5] Nawawasak ng (pagpapa) halakhak ng pusong ang unidireksiyonal na imposisyon ng kapangyarihang nananagana sa dahas, takot, dominasyon, at pagbabawal dahil nagiging punto

ng pagsisiyasat ang pagtawang walang kinikilalang inhibisyon at limitasyon kaya't nakapangingibabaw sa anumang takot (Bakhtin, *Rabelais* 90).[6] Samakatwid, masasabing isang mapanlikhang tagapagwasak ang pusong na sumisira sa mga herarkiya't estrukturang panlipunan at naglalantad ng mga nasa dako-pa-roong posibilidad.

Buhat sa mga nabanggit na ito, mahihinuhang ang pagkiling ng pusong ay laan sa mga nasa labas ng sentro, mga inetsa-puwera, mahihina at api kung kaya't tinataglay niya ang pananaw ng mga nasa gilid ng lipunan. Kaniyang kinakatawan ang mga taong isinantabi at sinasamantala ng sistemang pabor sa makapangyarihan. Malinaw sa pusong ang puntirya ng pilantik ng kaniyang dila at sinisipat ng kaniyang mapang-uririat na mga mata. Laging pinupuna ng tauhan ang sinuman o alinmang sa kaniyang pananaw (na pananaw din ng nasa "ibaba") ay nakasisira o nakasisikil sa matiwasay na pamumuhay o kapakanan ng mahihirap (Tiongson 325). Paksa rin ng kaniyang panunudyo ang bahagi ng herarkiyang panlipunan na mapanamantala gayundin ang sinumang nagkapagtataglay ng politikal na kapangyarihan dahil sa pag-aantas na ito. Dagdag pa rito ang pagtuya ng pusong sa mga hindi kanais-nais na kaugalian at pag-iisip ng tao sa bayan. Saklaw ng pamumuna ng pusong maging ang pagtutol sa dominanteng kulturang inaakala ng iba bilang nararapat o makatwiran.

Patunay sa dinamismo ng imahen ng pusong ang kapasidad nitong sabay na maging didaktiko at subersibo. Taglay ng tauhan ang multiplisidad sa bisa kung kaya't maaaring mapahalagahan sa maraming anggulo ng pagbasa. Kumikilos ito sa espasyong liminal na nakapagbubunsod ng pagbabago at nakalilikha ng mga panibagong baybaying naghihintay lamang galugarin. Ito ang mismong katwiran sa kung bakit nagiging mala-palos ang pusong—hindi maisisilid sa limitasyon ng mga itinatakdang tipolohiya ng kaniyang katangian. Kaya naman, mahalaga ang pagsubaybay rito upang mapausad ang potensiya ng imaheng taglay ang salimuot ng sapot ng signipikasyon.

## Pagbasa(g) sa Soberano at Pagkilala sa Pseudo-Pusong: Isang Tropolohikal na Lapit

Nakapaghahain hindi lamang ng kung ano ang "bago" kundi maging ng kung ano ang mga alternatibo ang masusing pagdalumat sa pusong. Sa kaniyang mga akto

ng pamumusong, nakapagpapatuklas ito ng mga bagong paradima at mga lohika sa pamumuhay ng tao at ng mismong komunidad (Cooksey 51). Nakalilikha siya ng mga siwang na pasilip sa mga banggaan ng puwersang panlipunan na nagaganap at kaniyang nasasaksihan. Kumikilos ang pusong sa loob ng isang bayang may mga parametrong hindi lang basta nakatatag at naghihintay ng transgresyon kundi kinakailangang buoin o ibunyag upang maipamalay sa iba. "Hindi humahangga ang gawain nito sa pagmumukhang katawa-tawa lamang bagkus ay nakalilikha rin ito ng samot-saring identipikasyon at misidentipikasyon" (". . . the pusong engaging himself not in just the portrayal of the laughable, but in creating identifications and misidentifications") na mga eksploratibong espasyong nangangailangan ng panunuri (Ancheta 22, sariling salin). Kung gayon ay maidiriing ang halaga ang imahen ng pusong ay matatagpuan nang lampas pa sa mga binaryong salungatan—pagpapakita ng kamangmangan at katalinuhan, pagiging pasibo at subersibo—at maaari pang pausarin nang maraming ulit sang-ayon sa mga transmorpismong ipinakikita nito.

Inaakay ng mga naunang argumentong nabanggit ang imahen ng pusong tungo sa isang pagbali(ng) ng pag-unawa tungkol dito. Dahil sa pagturol sa kaniyang multiplisidad, kakayahang dumulas sa mga restriksiyon ng pagsasakatangian, at pagpapamalas ng "pagkanaririto-bagaman-wala," maigigiit na naiigpawan na ng pusong ang pagiging isang tauhan sa teksto. Higit na inihihilig ng pusong ang atensiyon ng sinumang umuunawa sa kaniya mula sa karakterisasyon papunta sa pagiging isang diwa nito na posibleng paghanguan ng mga panibagong interpretasyon, pagpapakahulugan, at pagmamalay tungkol sa pagkapusong at pamumusong. Ang mismong pagbaling, paghilig, o pagpihit na ito ang binibigyang-paliwanag ni Hayden White hinggil sa tropo:

> Nagmula ang salitang *tropiko* sa *tropikos, tropos*, na nangangahulugan sa Klasikal na Griyego bilang "pagbaling" at sa Koiné ay "daan" o "kaparaanan." Pumasok ito sa mga makabagong wikang Indo-Europeo sa pamamagitan ng *tropus*, na nangangahulugan sa Klasikal na Latin bilang "metapora" o "tayutay" at sa Huling Latin, lalo kung ilalapat sa teoryang pangmusika, bilang "moda" o "sukat." Ang lahat ng mga kahulugang ito, na tinaglay ng salita sa sinaunang Ingles na *trope*, ay saklaw ng diwa ng konseptong ipinahihiwatig ng *style* sa modernong Ingles—isang higit na angkop na konsepto sa pagtalakay sa pasalitang

> komposisyon, na upang mapag-iba ito sa dalawang panig ng lohikal na demonstrasyon at purong piksiyon, ay tinatawag nating *discourse*. (2, sariling salin)
>
> (The word *tropic* derives from *tropikos, tropos,* which in Classical Greek meant “turn” and in Koiné “way” or “manner”. It comes into modern Indo-European languages by way of *tropus*, which in Classical Latin meant “metaphor” or “figure of speech” and in Late Latin, especially as applied to music theory, “mood” or “measure.” All of these meanings, sedimented in the early English word *trope,* capture the force of the concept that modern English intends by the word *style*, a concept that is especially apt for the consideration of that form of verbal composition which, in order to distinguish it from logical demonstration on the one side and from pure fiction on the other, we call by the name *discourse*.)

Isang tropolohikal na kilos ang “pagpihit” mula sa isang pag-unawa tungo sa pagbubuo ng panibago: mula unibersal patungong partikular gamit ang pagsalig sa mga tayutay at paghabi ng diskurso. Mahalagang mailatag, kung gayon, kung papaano naitutuon ng tropolohikal na pagturing sa pusong ang pagbaling ng pagdalumat dito sa pamamagitan ng pag-ilag sa mga lokusyong ipinapataw ng anumang kinasanayan na. Kumpas-tropolohikal ang paggalaw mula sa isang nosyon hinggil sa isang bagay at pagkakawing nito sa iba pang umiiral na konsepsiyon. Samakatwid, magkaalinsabay na pagbaling ang tropo na patungo at palayo sa mga tiyak na ideasyon.

Ang pagbaling na ito na ipinanunukala ng tropo ay naghihiwatig ng akto ng pagpapausad ng pagmamalay mula sa iba pang posible at angkop na pagpapakahulugan “patungo sa mga paglihis na nakaturol sa pagbuo ng iba pang kahulugan, konsepsiyon, o ideal sa kung ano ang wasto, angkop, at *totoo*” (“. . . a deviation *towards* another meaning, conception, or ideal of what is right and proper *and true* “in reality”) (White 2, sariling salin). Nangangahulugan, kung gayon, na inaalpasan ng tropo ang isa-sa-isang representasyon at higit na nagpapakita ng ugnayan ng dalawang bagay kung saan maaari itong tanawin o unawain sa panibagong pamamaraan. Mula rito, masasabing isang manipestasyon ng tropolohikong galaw ang pagdalumat sa ugnayang pangkapangyarihan na

kinapapalooban ng pusong. Buhat sa pagturing dito bilang isang tauhang paratihang nagmumula sa gilid at nag-aalingawngaw ng diwa ng dusta't api, naipipihit ang pag-unawa sa potensiyal nitong magtaglay din ng kapangyarihan. Ang pusong na dating tagapagwasak ng mga itinatatag ng mga institusyong mapanikil ay maaari na ring uriin na kabahagi o kasapakat nito. Ito ang uri ng pusong na ipinanukala ni Vicente Rafael na tinawag niya bilang *sovereign trickster* o soberanong pusong (141–66).[7]

## Ang Soberanong Pusong ni Rafael

Makatawag-pansin ang soberanong pusong na ipinakikilala ni Rafael sapagkat niyayanig ng kaniyang panibagong pormulasyong ito ang mga kinasanayang pamilyaridad sa tauhan. Gamit ang mga argumento nina Michel Foucault at Achille Mbembe hinggil sa diskurso ng kapangyarihan bilang balangkas, pinangangatwiranan ng panukalang ito ni Rafael na ituring si Rodrigo Duterte bilang isang soberanong pusong: isang dominanteng pigura na hawak ang makinarya ng estado upang mapanatili ang sariling kontrol sa lipunan habang sabay na nakapagtatampisaw sa giliw at simpatya ng masa. Sa kabila ng mga tuwirang pagpapahayag sa karahasang ipapataw sa madla, nagsasapusong di-umano si Duterte na nakahahamig pa rin ng suporta ng marami at itinuring bilang tagapagsalba sa deka-dekada nang mga suliranin ng bansa. Nagbubunga ng palaisipan ang ganitong paglalahad dahil sa inihahain nitong aktuwal na tunggalian sa pagsasakatangian tungkol sa pusong. Kaya naman, maigigiit ang pangangailangan sa higit pang pagdalumat at pagtitimbang sa konseptuwalisasyong ito.

Nalilikha ang soberanong pusong sa pamamagitan ng paggagad nito sa mga pamilyar na katangian ng tipikal o kinasanayang pusong tulad ng pagiging mapagpatawa, bulgar, mapagmalabis at iba pa. Samantala, nagiging makatuturan ang paghuhugpong ng salitang soberano sa naturang panawag dahil inilalapat lamang ito sa mga pinuno ng estado na nagsasapusong. Sa pamamagitan ng pagtukoy kay Duterte bilang halimbawa ng soberanong pusong, nagagawang mapalawig ni Rafael ang kaniyang mga argumento. Aniya, matatagpuan ang kapusungan ni Duterte sa pamamagitan ng mga pagbibiro nitong naglalaman ng mga batikos sa kaniyang mga kritiko (153). Nananawid ang kaniyang mga patama mula sa mga paninirang-puri hanggang sa mga gawa-gawa't mapagmalabis na

kuwento. Ang biro-batikos na ito ay hindi lamang pagbubulid ng mga salita kundi ang mismong nagbubunsod ng pagtawa at nagdudulot ng higit na hikayat sa kaniyang mga tagapakinig. Dito ay nagiging pananda ang reaksiyon o dagling pagtawa ng pagsang-ayon sa anumang ipinahahayag ng pangulo. Naglalaho ang espasyo upang magsuri sapagkat kailangang antabayanan ang mga kasunod niyang sasabihin. Pinapaksa rin ng kaniyang mga biro ang sariling mga kapintasan tulad ng pagiging mahinang estudyante at maging ang estado ng kaniyang kalusugan (Rafael 155–56). Sa ganitong paraan, nailalapit ni Duterte ang kaniyang sarili sa madla bilang kawangis at kaisa nila. Ang mga birong binibitiwan ng soberanong pusong, na pinatitindi ng kaniyang magaspang na wika, ay itinuturing bilang pagbalikwas sa mga pamantayang inilatag ng mga dating makapangyarihan sa lipunan. Minamahalaga ito ng mga tagasuporta ni Duterte sapagkat dito nila naiuugnay ang sari-sariling puna at damdamin sa kinamihasnang panlipunang kumbensiyon. Bukod sa pagbibiro at gaspang ng wika, itinuturing din ni Rafael na kapusungan ni Duterte ang kalaswaan nito at mga kontra-babaeng pahayag (153). Larawan, aniya, ito ng kakayahan ng soberanong pusong na ipagkibit-balikat ang mga umiiral na nosyon ng pagiging disente. Kabilang ang paglabag sa karaniwang konsepto ng pagiging kagalang-galang sa itinuturing ng mga tagasuporta ng pangulo bilang kaniyang akto ng pagtutol sa mga nakatakdang pamantayan—bagay na maaaring hindi naging kapaki-pakinabang sa mga tagasuporta kaya’t ang pagsuway rito ay maituturing nilang katangi-tangi. Mahihiwatigan sa argumentong ito ang pag-uugnay ni Rafael sa diwang mapaghimagsik na tinataglay ng isang tipikal na pusong. Nagagawa nitong talikdan ang alinmang imposisyong panlipunan pagdating sa wastong kaasalan o pakikipagkapwa sapagkat kumikilos ito nang ayon sa sariling kagustuhan. Kung paglilimian, waring pinangungunahan din si Duterte ng kaniyang mga nasa, dahilan upang hindi niya na magawang masala pa ang mga sasabihin: mula sa kaniyang pagpipihit sa gamit ng rehistro sa wika, palagiang pagmumura, mga hinabing tirada hanggang sa kaniyang mga talumpating walang estruktura. Mailulundo ang lahat ng pagsasakatangiang nabanggit hinggil sa pagiging soberanong pusong ni Duterte sa idea ng “kalabisan.” Ang pagiging labis na ito sa kaniyang pananalita at pagkilos ang nakalilikha ng isang uri ng kasidhian na nakahuhulagpos sa mga restriksiyong itinakda sa lipunan at nagiging pasilip ng madla sa kung ano pa ang mga maaari, na hindi malayong kilalanin nila bilang katubusan.

Mayamang diskurso ang binubuksan ng konteksto ng pagkapinunong saklaw ng pagiging soberanong pusong. Kakikitaan ito ng mga kontradiksiyong pinaglagian din ni Duterte sa panahon ng kaniyang pagkapangulo. Nilalambungan ang kaniyang agresyon ng sariling mga pagbibiro na nagluluwal ng giliw at simpatya ng kaniyang mga tagasuporta. Hawak ang makinarya ng pamahalaan, madali niyang puntiryahin ng kritisismo, na idinaraan sa pagpapatawa, ang mga kalaban sa politika o sinumang humahamon sa kaniyang awtoridad. Paliwanag pa ni Rafael, sa pagpapakita ng "kalabisan" at pagiging mapaglaro ay nagagawa ng pangulo na makontrol ang giliw ng kaniyang mga tagasuporta. Nagsisilbi itong taktika upang gawing karikatura ang imahen ng kaniyang mga kritiko at palabasing kapintas-pintas, at kung gayon ay maaaring ituring bilang kalaban ng bayan (155). Sa kabilang banda, hindi lamang humahangga sa mga makapangyarihang indibidwal ang puntirya ng soberanong pusong. Sumasaklaw rin ito maging sa mga ordinaryong mamamayang itinakda ni Duterte bilang "iba" o "flawed/non-citizens"[8] gaya ng mga nagtutulak at gumagamit ng ipinagbabawal na droga. Makikita ang pambubukod na ito sa naging pangunahing proyekto ng kaniyang rehimen—ang madugong digmaan kontra-droga—na nagdulot ng libo-libong kamatayan sa ilalim ng kaniyang rehimen. "Ang mga lulong sa shabu ay itinuring mula sa pagiging mamamayan patungong kalaban ng bayan, at kung gayon ay tiyak na banta sa lipunan . . . Anyo ng pampublikong pagpapahirap ang pagpatay sa kanila na nagbibigay-tanda sa kanilang tiyak na pagkabukod." (". . . shabu addict is converted from citizen to social enemy and hence an absolute menace to society . . . Killing the addict is a public torture that marks him for definitive social exclusion") (Rafael 148, sariling salin). Kay Duterte bilang soberanong pusong, makikita ang mga pagkakategorya ng katawan sa loob ng estado. Ang mga minarkahan niya bilang "iba" ang ituturing na karapat-dapat na itakwil sa bayan. Sa ganitong dikta ng soberanong pusong, may mga pangkat ng mamamayang binabalewala at nagiging target ng takot, galit, dehumanisasyon, at maging panlilipol.[9] Gayundin, sa pamamaraang ito naigigiit lalo ng soberanong pusong ang kaniyang kapangyarihan. Nagsisilbing obheto ang mga bangkay na nagbibitbit ng kaniyang politikal na mensahe at nagdiriin sa kaniyang nakahihilakbot na awtoridad na walang kinikilalang mga parametro at hangganan.

Sa paghahanay ng pagkasoberano ng soberanong pusong, mapapansin ang kaniyang mapagparikalang katangian. Nagagawa niyang mapagtagpo ang pagbibiro at karahasan sa kaniyang pananalita't pagkilos. Tinataglay ng pusong na ito ang

dalawang mukha na sabayang nagbibigay-aliw sa kaniyang mga tagasuporta at pumapatay sa kanila. Si Duterte ang nagbubukas ng mga landas ng “kalabisan” na ipinagbabawal subalit siya rin ang tumitiyak sa kung sino lamang ang makababagtas sa mga daang ito. Nagagawa niyang banggain ang alinmang alituntunin subalit dahas naman ang haharapin ng sinumang hindi sumunod sa kaniyang awtoridad. Isa siyang makapangyarihang pinuno na tagapagpatupad at tagapaglabag ng batas na nagtatakda sa kamatayan ng partikular na pangkat sa lipunan subalit siya rin ang soberanong pusong na ginigiliw ng mga tagasuporta dahil kaniyang biro-batikos sa mga institusyon at iba pang makapangyarihan (Rafael 155). Itinatampok ng pangulo ang kaniyang kaibahan kung ihahambing sa mga sinundang pinuno subalit siya mismo ang mga nagsasakdal sa pagiging “iba” at pagkabukod ng ilang miyembro ng lipunan. Doble-kara si Duterte bilang soberanong pusong na nakapagpapabunghalit ng tawa at nakapagpapasaklot ng takot. Sentro siya ng kapangyarihang nanlilinlang bilang nagsasalita buhat sa gilid; nangangako bilang katuwang sa pagbabago samantalang tumatayo bilang punong berdugo. Nasa kamay, kung gayon, ng pusong na ito ang pagtatagpo ng buhay at kamatayan (Rafael 157). Napagdurugtong ng soberanong pusong ang tawa at takot bilang mekanismo ng kaniyang pamumuno na lumilikha ng mga pantasya ng utopikong pamumuhay sa ilalim ng madugong rehimen kapalit ng pangako nitong kaligtasan laban sa iba pang makatotohanan at pinaharayang banta sa lipunan.

Tumutugma ang karagdagang representasyong ito ng pusong kung ibabatay sa mga simulain ng pagtotropo sapagkat higit na napalulutang sa ganitong pagsusuri ang pagiging diwa ng pusong na maaaring katawanin ninuman sa pamamagitan lamang ng pagtatanghal ng mga karaniwan o pamilyar nitong katangian. Sa pagtanaw na ito, nalulusaw ang pagtatakda sa partikularidad sa layong dapat na taglayin ng tauhan upang maituring na pusong. Nakapagdaragdag ang pormulasyon ni Rafael ng soberanong pusong sa dimensiyon ng tauhan at nakapaghahain ng bagong anggulo kaugnay ng diskurso at ugnayang pangkapangyarihan. Natutugunan ng lapit-tropolohikal ang panunuliranin sa pagdulas ng tauhang pusong sa restriksiyong palagiang ikinakapit sa pagsasakatauhan nito sapagkat sa isang tropolohikong panunuri, bawat representasyon o panggagagad sa tauhan ay maaaring ituring na distorsiyon na naghahayag ng mga panibagong paglalarawan. Napangangatwiranan, samakatwid, na ang paglalatag ng mga argumento hinggil sa soberanong pusong ay isang posibilidad pagdating sa manipestasyon ng datihan at pamilyar na pusong.

## Pagbasa(g) sa Soberanong Pusong Bilang Pseudo-Pusong: Panimulang Kritika

Alinsunod sa simulain ng pagtotropo at pagpapanubaybay rito, marapat na muling ilagay sa lente ng problematisasyon ang panukala sa idea ng soberanong pusong. Espasyo ng imbestigasyon ang naging pasya ni Rafael sa paggamit ng "pusong" upang bigyang-panawag ang mekanismo ng liderato ng dating pangulo. Maitatanong, dahil dito, kung maituturing na bang sapat ang panggagagad ng soberanong pusong na ito sa tipikal na pusong upang maihanay sila sa magkatulad na kategorya. Mahalaga ring paglimiang mabuti ang lugar ng pusong pagdating sa relasyong pangkapangyarihan. Iniuudyok, kung gayon, ng ganitong paglalahad ang panimulang kritika hinggil sa soberanong pusong upang masuri ang kaangkupan, kundi man kawastuhan, ng naturang pag-uuri sa tauhan.

Wastong sabihing sentral sa katangian ng pusong ang mapagbiro o mapagpatawa nitong wika at kilos na humihikayat sa kaniyang mga mambabasa, manonood, at tagapakinig. Sa kabilang banda, lumilitaw na nagkaroon ng labis na simplipikasyon si Rafael sa naging pagtanggap ng mga manonood sa mga biro at/o kalaswaan ni Duterte. Ikinakawing niya ito sa tinatawag ni Mbembe na estetika ng pagkabulgar / "aesthetic of vulgarity" at ipinagpapalagay na ito ang nakapagbubuo ng matalik na ugnayan sa pagitan ng pangulong nagtatalumpati at ng mamamayang nakikinig (142). Sa mapagbirong kilos at wika ni Duterte, makikitang nagiging halos kasapakat niya ang mga tagapakinig sa kaniyang dahas dahil sa kanilang ginagawang pagtawa. Dito, itinuturing ni Rafael ang pagtawa ay bilang instrumentong naglilingkod sa awtokratikong layon kung saan napagtatagpo ang namamahala sa pinamamahalaan. Ang mga naturang biro ay larawan ng dominasyon ng mismong awtoridad ni Duterte. Sa kaniyang pananalumpating batbat ng mga kalabisan, bilanggo ang mga nakikinig na walang pamimilian kundi ang maghintay at makinig sa kaniyang mga pagbabantad ng sarili, ng mga kaaway, ng kaniyang rehimen upang lalong itarak sa pagmamalay ng mga naroon ang ligalig at takot sa soberanong nagsasalita. Maikakatwirang sa ganitong pagbibiro ay pinagsasaaparisyon lamang ni Rafael ang espiritu ng pusong subalit nagiging taliwas ito sa mismong katuturan ng mismong tauhan na tiyak sa pinupuntirya nitong pagtawanan. Nakatutok ang "marahas na tawa't biro" ng pusong sa mga makapangyarihan at hindi sa mga marhinalisadong miyembro ng lipunan. Gayundin, kailangang kilalanin ni Rafael ang "mapaghimagsik at mapagpalayang katangian ng pagtawa" (Ryan 229; Fischer 224) na kabaligtaran

ng ginagawa ng soberanong pusong na naglilingkod lamang sa sarili nito. Kung gayon, matamlay ang naging pagsusuri ni Rafael sa dialektika ng pagbibiro at pagtatawa dahil sa ipinakikita nitong linyaridad sa kaniyang mga argumento. Sa kaniyang paglalahad, nagiging magkakamukha ang lahat ng tagapakinig at pawang nagiging mga pasibong biktima lamang. Tinatanggalan sila ng ahensiya na makapagsuri sa kinalulugarang sandali at itinuturing na hindi nakalilikha ng mga paraan ng subersiyon, hayag man ito o hindi. Samakatwid, nailalagay lamang sila sa iisang hulmahang nagpapakombinyente sa mga argumentong itinatawid ng kritikong si Rafael.

Sentral sa mga naging paglalarawan sa soberanong pusong ang kapangyarihang tinataglay nito upang mapanatili ang kontrol sa bayan at mamaniobra ang buhay ng mga mamamayan. Subalit lumilitaw na hindi naging komprehensibo ang naging pagbatay ni Rafael sa mga nauna nang pag-aaral hinggil sa pusong sa kaniyang panukala. Kailangang maigiit na hindi nagsisimula ang alinmang pusong sa makapangyarihang kinalalagyan. Maaaring maabot niya ang kapangyarihan subalit sa sandali ng kaganapan nito, katulad sa kaso ng mga kuwentong-bayan, agad nang nagwawakas ang pakikipagsapalaran ng pusong. Hindi na idinidetalye pa ang pagkapinuno ng tauhan sapagkat palaging temporal lamang ito at nagiging kawsal na bunga sa kaniyang ginawang pagbangga sa imahen ng kapangyarihan. Maikakatwiran, kung gayon, na ang diwa ng pagkapusong ay nasa imbersiyon ng kapangyarihan at wala sa paglalatag kung paano ito pinakikinabangan ng tauhang pusong pagkaraan. Dagdag pa rito, malinaw ang espasyong pinapanigan ng pusong gaya ng binanggit ni Tiongson. Laging nasa mga isinantabi ang kiling ng naturang tauhan at kumikilos sang-ayon sa kapakinabangan ng mga ito. Samakatwid, magkatunggali ang naging panukala ni Rafael na habang kinukuha ng pusong ang simpatya at suporta ng masa ay ginagawa niya rin itong mga suheto ng karahasan ng kaniyang pamamahala. Problematiko ang ganitong proposisyon hinggil sa pusong dahil ipinalalabas na wala na itong ipinag-iba sa pagiging isang *conman*.[10]

Nagpapasya't kumikilos ang tipikal na pusong sang-ayon sa sarili nitong kagustuhan at sa ganitong anggulo rin naikukuwadro ni Rafael ang soberanong pusong. Magkagayunman, mahalagang idiin na taliwas sa pusong na mag-isa sa isinasagawang representasyon ng sarili, nagtataglay si Duterte bilang soberanong pusong ng mga kasabwat upang malikha ang kaniyang "persona." Kalkuladong

politikal na estratehiya sa halip na awtentikong pagkatao ang inihaharap ng soberanong pusong sa madla upang makuha ang suporta at simpatya ng mga ito. Nasa kamay ng pusong na ito ang makinarya ng buong estado upang malinlang ang mamamayan at udyukan silang maniwala sa kaniyang mga pangako. Bunga nito, nahahatak palabas ng soberanong pusong ang tipikal na pusong sa espasyong liminal. Binubura na ng una ang pagiging "nasa-pagitan" ng huli dahil namamalagi na ito sa lunan ng kapangyarihang ginagamit nito upang panatilihin ang kaayusang kaniyang itinatakda.

Kaugnay pa rin ng pagwiwika at kapangyarihang tinataglay ng soberanong pusong, makikitang hindi naisaalang-alang ng pagsusuri ni Rafael ang anggulo ng pagiging spektakulo ng mga pahayag at talumpati ni Duterte at ng kasabwat niyang nasa posisyon ng kapangyarihan. Ginagamit ng maykapangyarihan ang spektakulo upang mapanatili at mapatatag ang mga puwersa nito. Sa pamamagitan ng pagiging maulit ng bersiyon ng imahen ng kaayusang pinalalaganap ng rehimen, nasusuhayan ng mga spektakulo ang status quo kaalinsabay ng pamimipi sa mga kritisismo at alternatibong perspektibo. Alinsunod sa paliwanag ni Guy Debord hinggil sa spektakulo, tinitiyak ng mga nasa kapangyarihan ang "paghihiwalay" ng realidad at imahen (spektakulo) upang mapamahalaan, kung hindi man ganap na makontrol ang persepsiyong panlipunan. Tinitiyak nitong higit na mamamayani ang mga imahen sa halip na ang realidad upang manatiling dominante ang mga kasalukuyang maykapangyarihan. Hinuhubog ng spektakulo ang mga praktika sa loob ng lipunan kaya't nagiging mahirap para sa mga mamamayang matanto ang kalikasan ng rehimen at ng kanila mismong kalagayan (12–13). Ito ang isa sa mga masasaligang batayan kung bakit naging maulit ang retorika ng pamahalaang Duterte pagdating sa ipinaniniwala nitong kaligtasan sa mamamayan, pagtatakwil sa drogang pangunahing suliranin sa bayan, at pagtanggi sa akusasyon ng lumalaganap na karahasan.

Taliwas sa ipinamamalas na maniobra ng soberanong pusong, ang tipikal na pusong ay hindi nag-aastang bayani na nangangako ng kaligtasan o katubusan sa mga naniniwala sa kaniya. Ang tunay na diwa ng kapusungan ay matatagpuan sa pag-aaklas laban sa mapang-aping kaayusan at wala sa kooptasyon ng pagkakarnabal upang halinhan lamang ng panibagong makapangyarihan na magpapahirap sa bayan. Tunay na pagpapalaya ang saysay ng kapusongan at hindi nagtatago sa

lambong ng panlilinlang at pangongontrol. Dahilan ito kaya't hindi rin maiilagan ni Rafael ang pagsasabi nang ganito hinggil sa uri ng paglayang alok ng soberanong pusong: "pakana lamang ang kalayaang ito dahil sa layon niyang mamuno gamit ang takot" ("... this liberation is a ruse insofar as he seeks to govern by fear") (Rafael 157, sariling salin).

Sa kabuoan, mahihinuhang inuumit ng soberanong pusong ang mga pamilyar na katangian ng tipikal na pusong upang maitulak ang sarili nitong interes. Matatagpuang umiinog sa desepsiyon ang pag-iral ng ganitong uri ng pusong na nagiging katambis ng pinagmulan nitong anyo. Mabuway at maraming guwang ang mismong pormulasyon ni Rafael dahil sa kanipisan ng kaniyang naging batayan hinggil sa tauhang pusong at pamumusong. Pira-pirasong mga katangian lamang ng pusong ang naging tuon ng kaniyang panunuri na ang itinampok ay yaong mga aangkop lamang sa katangian ni Duterte. Samantala, mahalagang banggitin na ang kasalukuyang tungkulin ay hindi tanggalan ng merito ang pag-aaral ni Rafael. Manapa, marapat tumuklas ng mga lateral na pagdalumat kaugnay nito upang mapausad pa at maging produktibo ang diskurso ng pusong.

Buhat sa inilatag na kritika, ipinanunukala ng sanaysay na ito na kilalanin ang soberanong pusong bilang isang huwad at mapagpanggap, isang pseudo-pusong. Ang partikularidad na ito sa termino ng pagkapusong ay nakaturol sa pagiging arbitraryo ng pigura at pinangangatwiranang higit na makapagpapatingkad sa parikalang taglay ng pagtatambis sa dalawang uri ng pusong.[11] Ang tangkang paglilinaw na ito at higit na pagdadala sa espasyo ng pamilyaridad ay bahagi ng aktong tropolohikal (White 5). At kung nakaturol sa pagbaling o *turn* ang tropo, tinutugunan ito ng pagpapalit-tawag sa soberanong pusong patungong pseudo-pusong sapagkat sangkot sa pagtotropo ang pagtukoy sa mga ugnayan ng bagay upang maipahayag ito sa pagwiwikang nakapagpapalitaw ng mga posibilidad sa kung papaano pa ito mailalahad sa ibang kaparaanan.

Integral na katangian ng pusong ang pagiging mapagparikala. Bahagi ito ng bugtong ng kaniyang karakterisasyon bilang isang mapanlikhang tagapagwasak at tauhang "naririto-bagaman-wala." At gaya ng nabanggit na, ang parikalang ito ay nasusunsugan ng tapatan ng tipikal na pusong at ng pseudo-pusong. Itinatampok ang tayutay na ito sapagkat ang anumang galaw, pihit o baling mula sa hindi di-pamilyar patungong pamilyar ay kinasasangkutan ng pagiging piguratibo o

pananayutay. Maiuugnay ito sa ipinanukala ni Kenneth Burke na pagturing sa tropo bilang tayutay na hindi lamang nakatuon sa piguratibong gamit kundi maging sa papel ng mga ito sa pagtuklas at paglalarawan ng "katotohanan" hinggil sa isang bagay (421). Gamit ang apat na pangunahing tayutay (metapora, sinekdoke, metonimiya, at parikala) ipinaliwanag niya ang pagiging komplikadong sapot ng pagtotropo. Bagaman higit na mailalapat ang sistema ng pusong sa pagtutuon sa pagiging mapagparikala nito, hindi pa rin maiilagan ang pagsasalikop ng apat na binanggit na tayutay sa oras na idiskurso ito. Paliwanag pa ni Burke:

> Marapat nating subuking bigyang-linaw kung saang kaparaanan natin itinuturing na makatwiran ang paghahaliling ito. Gayunman, dapat na maging litaw agad, gaano man kamakatwiran ang ating mga mungkahing paghahalili, na nagsasanib ang mga ito, tulad ng isinaad natin na nagaganap sa apat na tropo. Halimbawa na, nilalayon ng dialektika na magbigay ng representasyon sa pamamagitan ng mga perspektibong magkaugnay o nagtatalaban. At ang bunga nitong pananaw ng mga pananaw ay magiging anyo ng pagbabawas, gaya ng isang iginuhit na mapang nagbabawas sa mismong lunan na kinakatawan nito. (421, sariling salin)
>
> (We must subsequently try to make it clear in what respects we think these substitutions are justifiable. It should, however, be apparent at a glance that, regardless of whether our proposed substitutions are justifiable, considered in themselves they do shade into another, as we have said that the four tropes do. A dialectic, for instance, aims to give us a representation by the use of mutually related or interacting perspectives – and this resultant perspective of perspectives will necessarily be a reduction in the sense that a chart drawn to scale is a reduction of the area charted.)

Inaasahan, kung gayon, na sa kabila ng pagdiriin sa parikala bilang sentral sa imahen ng pusong, masasaling ng mga pangangatwiran ukol dito ang kapasidad ng tauhan na magpakita ng mga perspektiba (metapora), reduksiyon (metonimiya), at representasyon (sinekdoke) sa kaniyang pagkilos sa loob ng teksto. At sa ganitong pagbaling, isinisilang ang tropolohikal na saysay ng pusong. Maaaring unawain ang parikala bilang kapasidad na tukuyin ang isang bagay gamit ang mga

alternatibong paraan; ang kakayahang tumukoy ng isang bagay at mangahulugan ng panibago gamit ang alternatibong kahalili.[12] Mula sa mga argumentong ito, masisilip ang katuturan sa pagtatambal na ginawa ni Burke sa parikala at dialektika o ang paglalahad ng diskurso at kontradiksiyon hinggil sa dalawang magkaibang pagtanaw sa isang bagay upang pangatwiranan ang pag-iral at ugnayan ng mga ito. Mainam, samakatwid, na tukuyin kung papaanong nakabubuo ng dialektika ang pusong sa pamamagitan ng paglalantad ng mga parikalang kaniyang tinataglay.

Kaugnay ng pagkakaroon ng mga panloob na kontradiksiyon sa imahen ng pusong, higit na sumisilay ang dialektika nito sa pamamagitan ng paglalagay rito sa antas ng “ikalawang pagmamalay.”[13] Nagaganap rito ang mga pagpapanibago ng pag-unawa sapagkat ang linyaridad at restriksiyon sa pagpapakahulugan ng anumang bagay ay nagluluwal ng mismong kabaligtaran, kabalintunaan, o pagkaparikala nito. Napapaloob sa sandaling ito ang asimilasyon ng nasabing pagpapakahulugan o pag-unawa sa higit na malawak na saklaw ng kamalayan. Mula rito, nabibigyang-katuturan ang paglitaw ng pseudo-pusong bilang pangalawang pagmamalay sa tipikal na pusong na madalas na naikukulong sa hangganan ng tipolohiyang ipinaaako rito. Ang pseudo-pusong ang asimilado o higit na masaklaw na anyo ng tipikal na pusong na ilalarawan ni Georg Wilhelm Friedrich Hegel sa dialektika bilang *aufhebung* o pagdadalawang-diwang posibleng magpahiwatig ng negasyon at preserbasyon ng isang bagay at kaisahan sa kontradiksiyon—isang pagpaparikala, samakatwid.

Kung susundan ang mga nabanggit na kaisipan hinggil sa dialektika, napalulutang ang parikala sa pamamagitan ng pag-unawa sa pagsasalikop ng mga salungatan na nakapagbubunga ng pagpapaunlad ng pagmamalay sa isang bagay. Ang pag-iral ng mapangmulat na pusong (ang tipikal na pusong) ay pinauusad ng pagsilang ng mapang-aping pusong (ang pseudo-pusong) na nag-aangkin din ng mga katangiang taglay ng nauna. Dapat na bigyang-diin na sa ganitong galaw ng parikala at sinekdoke, hindi binubura ng uri ng pseudo-pusong ang pinag-uumitan nito ng katangian. Bagkus, naipepreserba at binibigyang-lehitimasyon nito ang pag-iral ng tipikal na pusong na intergral sa kaniyang pormasyon. Paliwanag pa ni Burke: “Nakabatay ang tunay at payak na parikala sa saysay ng pundamental nitong kaugnayan sa katunggali, bilang *pangangailangan* at *pagkakautang* sa kaniya, at hindi lamang nasa labas niya kundi tinataglay sa *kaibuturan*, bilang isang kawangis na kasama” (436, sariling salin). (“True irony, humble irony, is based upon a sense of

fundamental kinship with the enemy, as one *needs* him, is *indebted* to him, is not merely outside him as an observer but contains *within*, being consubstantial with him").

Makikita rito ang pangangailangan ng pseudo-pusong sa tipikal na pusong bilang pundamental na batayan ng sarili nitong pagkilos. Samakatwid, sa dialektika ng pagsulpot ng pseudo-pusong natitiyak ang pagkakaroon ng tauhang nagtataglay ng katangiang mapagparikala, na hindi dapat isakdal bilang wasto o mali kundi bilang mapag-ambag sa totalidad ng pagiging pusong. Bagaman may tumbalikang bisa at papel ang pinagtatambis na mga uri ng pusong sa paglikha ng pagpapakahulugan, naghahain ang ganitong diskurso ng parikala ng posibleng pagtukoy sa kung aling uri ang higit na nangingibabaw o *primus inter pares*: ang tagapaglagom ng naging kabuoang pag-usad ng idea, argumento o pananaw sa imahen. Bahagi ng papel ng uring ito ang paglikha sa kabuoang kahulugan at paglalagom sa naging pag-unlad ng mga argumento ukol sa isang bagay (Burke 437). At batay sa mga kahinaang tinataglay ng pigurasyon ng pseudo-pusong, hindi nito maaako ang mga naturang gampanin kaugnay ng konseptuwalisasyon ng pagiging pusong o ng kapusungan. Samakatwid, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy nitong pagpaparikala at likas na transmorpismo, nangangailangan ng panibagong pagsusuri sa pusong na magsisilbing elaborasyon ng tipikal na pusong at katapat ng pseudo-pusong. Sa pamamagitan nito, maipakikita ang inaasahang pagwasak sa huli na magsusupling ng mga panibagong diskursibong pagpipihit at pananayutay na pangunahing diwa ng tropolohikal na pagdalumat.

## Ang Pamumusong sa Pseudo-Pusong: Tuon sa Dx Machina 4

Pagbaybay sa madilim na laberinto ang alinmang hakbang na imbestigasyon sa imahen ng pusong dahil sa likas na taglay nitong kailapan at pagdulas sa mga itinatakdang pagkukuwadro ng kahulugan. Sa kabila ng pakapa-kapang tangka upang maunawaan ang tauhan, naglalahad ito ng mga panibagong espasyong posibleng galugarin upang patuloy na maimapa at mapausad ang sariling diskurso. Sabihin pa, lagi tayong naghahabol lamang sa mga bakas ng pusong dahil sa kakayahan nitong makapagpalit-anyo mula sa isang tiyak na panahon at lipunan tungo sa panibago, sa pamamagitan ng pag-aangkin ng samot-saring katangian, anyo, o uri sa anumang teksto.[14] Kaya't alinsunod sa landasin ng tropolohikal na lapit, na nakadiin sa pagbaling ng mga pagpapakahulugan, gagamiting lunsaran ng sanaysay na ito ang *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19* upang

temporal na masiyasat ang pag-iral ng pusong na tinutunggali ang tinaguriang pseudo-pusong: ang kontra-pseudo-pusong.

Espesyal na mga isyu ng *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* ang *Dx Machina*, na antolohiya ng mga akdang pampanitikang naisulat hinggil sa at habang may pandemya. Kakawing ng kontekstong ito ang paliwanag ng patnugot ng dyornal na si Vladimeir Gonzales hinggil sa naging pamagat ng koleksiyon: nagmula ang Dx sa pinaikling tawag ng mga doktor sa “diagnosis” at paglalaro din sa teknik pampanitikan na “deus ex machina”—isang paraan ng manunulat na pakialaman ang takbo ng naratibo ng kaniyang akda upang dagling mapahantong ito sa estado ng resolusyon. Nagsisilbi ring diagnosis ang kabuoan ng antolohiya para sa pagsusulat at mga manunulat habang binabata ng bansa ang mga suliraning dulot ng malalang sakit. Sabay na natitisod ng proyektong ito ang pagturol sa pinagbubukalan at pinatutunguhan ng pag-aakda sa panahon ng pandemya, malayo man ito sa “mga nakasanayan nang pananda ng katinuan at kawastuhan” (Gonzales vii). Gayundin, malinaw na inilarawan ni Gonzales ang mga layunin ng koleksiyon, na mapanghahawakan sa mga kasunod na iterasyon ng dyornal –

> . . . sinasalamin ng unang edisyong ito ang paghahanap ng pinakaangkop na panahon, at ang kaakibat na pananabik at takot sa pagtatangkang makabuo ng pinakamatapat at pinakaangkop na pag-aakda ng ating buhay sa panahon ng pandemya. Sinasalamin sa ilang mga akda ang pananalamin ng manunulat sa mga luwag at sikip ng ginhawang magtatakda ng luwag at sikip ng pag-iisip sa kung ano ang mahalaga, o kung ano ang dapat unahin. Tinangka ring itanghal sa unang edisyon ang lawak at lalim ng mga maaaring isulat kaugnay sa COVID-19. (xi)

Paglipas pa ng mga buwan ng pagkakalugmok sa pandemya, naging sunod-sunod ang pagsisiwalat ng pagkaabsurdo, kapalpakan, kawalang-kakayahan at pakialam ng pamahalaan sa pagdurusa ng bayan. Nariyan ang pagiging bingi sa panawagan ng mga mamamayan sa mass testing, ang pagkakaroon ng militaristikong lapit sa mga polisiya, ang di-mawawaang mga tuntunin sa kuwarantina, paglabag mismo ng mga opisyal ng gobyerno sa mga patakaran, at marami pang iba.[15] Kaya naman, hindi nakapagtatakang ito ang mapagbabalingang-pansin ng mga manunulat na ibilang sa mga dapat unahin at ituring bilang mahalagang bagay na maitala’t maipabatid sa nakararami sa pamamagitan ng kanilang pag-aakda. Ganito ang

makikitang naging lundo ng mga akdang napabilang sa koleksiyon ng *Dx Machina 4*, kung saan ang bawat katha ay nagtataglay ng pagsasanib ng ideolohiya at politika ng mga may-akda.[16] Sa ikaapat na isyung ito ng antolohiya, higit na matalas ang mga pamumuna, nakasusugat ang dalawang-talim na mga pagbibiro, naipalalagos ang personal sa kolektibong sentimyento, at mas tiyak na ang pinupuntirya ng mga panunudyo. Sa partikularidad na ito ng pamumuna, naging pangunahing target ang pseudo-pusong at mga galamay nitong katuwang sa pagmamaniobra ng mga buhay ng tao habang may pandemya. Sa ganitong paghahain, samakatwid, sumisilay sa atin ang uri ng kontra-pusong na kinakatawan ng mga manunulat at kani-kanilang mga akda sa antolohiya.

Katulad ng nabanggit sa mga naunang bahagi ng sanaysay, espasyong pinaglalagian ng pusong ang pagbibiro at pagpapatawa sapagkat sa mga pagkakataong ito niya nailalahok ang kaniyang pamumuna. Umiinog ang kilos na ito ng tauhan sa sinasabi ni Leandro Dianzon na layon ng pagpapatawa na "maituwid ang hindi wasto at maitumpak ang lihis" (59). Ibinubulalas ng pusong ang kaniyang mga nasisipat na kapintasan ng lipunan at bagaman naisisilid sa mga kakatwang pagpapahayag ay nakapagpapaigting din ng pagmamalay ng sinumang nakasasaksi rito. Ang ganitong paglilirip hinggil sa pagbibiro ay nagdadala sa ating pag-unawa sa kapasidad nito upang magsilbing kontra-gahum. Sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa mga pagpapatawa, nailalagay sa antas ng kabatiran ng tagapakinig, manonood, o mambabasa ang mga hindi pagkakapantay-pantay at "nagiging malay siya sa mga ahensiyang nagluluwal at nagmamaniobra ng kahulugan" (Gonzales, *Mga Katotohanang Half-Meant* x). Mamamalas ang ganitong pagsulpot ng siste ng pusong sa ilang bahagi sanaysay ni David Michael San Juan na "Mga Pilas ng Danas sa Bakuna at Opera sa Panahon ng Pandemya" –

> Kung magtunog-puta-putaki man ito sa tainga at mata ng ilang mambabasa na may panahon pa para sa pagpipino ng mga salita sa panahong dapat yata'y mag-anyong bubog sa mga mata ng tirano o kaya'y apoy-impiyernong tutupok sa mga inutil na hari-hariang pasuwelduhan pero tila patabaing baboy na katuga (kain, tulog, gala lingguhan pauwi sa malayo niyang bayan, sagot ng Republika at kaban ng bayan ang gasolina ng eroplano at alwans ng piloto, syempre) o puwede ring serye ng mga reklamo-palahaw na bibingi sa kanila at nang baka sakaling ideklarang opisyal na inutil – permanently

> incapacitated (bagama’t klaro naman sa sinumang nag-iisip pa, na incapacitated siya mula’t sapul at nabilog lamang ang ulo ng ilan nating kababayan sa tamis ng ilang pangako . . .)
>
> . . . o mas maganda, ibuhos mo ang kumukulong tasa o isang buong malaking termos pa ng kape sa sinumang magsasabing best president ever ang kanilang poong presidente (na may video pa during campaign na punas-bimpo, tapon-bimpo, dinaig ang Mahal na Poong Nazareno sa dami ng debotong nag-aagawan sa may-pawis na piraso ng telang amoy-pintura rin tiyak – Good Morning towel, sa mga nakakaalala pa). (49 – 50)

Kapansin-pansing nakapagdadalawang-diwa ang mga pahayag ni San Juan at hindi lamang nagiging katatawanan ang kasawiampalad kundi nagiging matalim na puna rin sa sentro ng kapangyarihan—ang pseudo-pusong na nagpapakasasa sa rekurso ng sambayanan samantalang malaking balintuna nito ang kaniyang kawalang kakayahan. Tumatagos din ang pamumunang ito ng may-akda maging sa mga ‘panitikerong’ nasa toreng garing na laging naghahanap ng matatamis na retorika’t talinghaga at mga mamamayang bulag na tagasunod lamang sa mga pinunong mismong nagpapahirap sa kanila. Ang pagwiwikang ito ng kontra-pseudo-pusong sa sanaysay ay maiuugnay sa binanggit ni Mieke Bal na ang pusong ay “natatanging semiotikong imahen na nagtataglay ng mga metasemiotikong komentaryo” (“. . . exemplary semiotic units, and as such hold a metasemiotic commentary”) (137, sariling salin). Makahulugan, kung gayon, ang mga batikos ng tauhan sapagkat wala nga sa literal na nibel lamang kundi metadiskursibo rin ang mga inilalahad nito: isang anyo ng pagdidiskursong tuon ang iba at maging ang sarili. Makikita rin ang paglitaw ng tinutukoy na metadiskurso sa kakayahan din ng pusong na pagtawanan ang kaniyang sarili upang madaplisan ng matatalim na kritika ang maykapangyarihan. Halimbawa nito ang ilang mga pangungusap sa sanaysay ni Benjo Gutierrez na “Tatlong (o Ilan pa bang) Pagtanggap sa Maginhawa Noong Minsang Naging Reporter” gaya ng “Mas tirik pa sa burat ni Digong ang araw, ‘ka ko, masusunog ka lang.” at “Taena ng padyak ko sa pedal pantadyak na ng silup sa pintuan ng napagkamalang adik sa tokhang. Solid talaga Tol, pati alipunga ko solid pagkatapos” (20). Nailalantad ng may-akda ang diwa ng kontra-pseudo-pusong sa mga linyang nabanggit gamit ang pag-aalinsabay ng paglalarawan sa hirap na binabata ng tagapagsalaysay sa kaniyang hanapbuhay at paggamit ng imahen ng

mga nakapagyayari sa lipunan bilang kaniyang metapora. Sa ganitong pagtatabi, hindi malayong mapag-ugnay ang dalawang pinaghahambing at malapatan ng relasyong kawsal (sanhi-bunga). Bagaman hindi tuwiran, nakatutok ang mapanising hintuturo ng kontra-pseudo-pusong sa mga binabanggit na awtoridad sa mga pangungusap. Mababakas din ang palatandaan ng pag-iral ng pusong sa paglitaw ng mga salitang tulad ng "burat" at "alipunga." Binubuway ng pusong ang mga itinuturing na matayog na konsepto ng kalinisan o kadalisayan kaya't maikakapit sa kaniya ang idea ni Bahktin ng *grotesque* na nakatuon sa ibabang bahagi ng katawan kaya't hindi kumikilala sa anumang alituntunin ng lipunan pagdating sa wastong kaasalan. Nagbubunga rin ito ng degradasyon at naibababa sa materyalidad ng katawan ang mga konseptong matayog at ideal (na huwad na ibinabandera ng mga maykapangyarihan) upang masipat sa ibang perspektibo. Isang pagpapanibago, kung gayon, ang muling naiaalok ng pusong sa puntong ito.[17] Marapat ding mabanggit sa akda na sa kabila ng pagiging seryosong paksain ang mapanghamong mga danas ng isang "journo" para makakuha ng beat na maiiere tungkol sa ginigipit na Maginhawa Community Pantry, kakatwa at kahanga-hanga ang naging gaan ng naging paglalahad dito ng manunulat, na waring nagsasapusong din, dahil sa pamilyaridad ng himig nitong nag-aastang kaibigan-kainuman lang sa mambabasa. Walang romantisasyon sa mga tagpo, walang kilo-kilometrong litanya o bumabalong na luha, nakapalaman ang siste sa madudulas na pangungusap, at nagkikibit-balikat sa kinasanayang tuntunin sa gramatika. Sa mga akda nina San Juan at Gutierrez, tinatanggalan ng maskara ang pseudo-pusong upang maibunyag ang mga kalabisan at kapabayaan nitong nagdudulot ng dagdag pang dahas sa mamamayan habang nasa pangil ng suliraning pangkalusugan. Gayundin, nababawi ng mga akda ang bisa ng biro-batikos at naitutuon ito sa pseudo-pusong at mga kapanalig nito bilang pangunahing puntirya.

Ang paglalangkap ng siste at puna ay hinaluan naman ng absurdismo ng ilang mga "COVIDagli" ni Beverly Siy. Pansinin bilang halibawa ang paggana nito sa kaniyang mga dagli blg. 33 at 48 –

33. Sa sipag mang-aresto
    Parang may quota si SPO2.
    Siksikan tuloy sa presinto.
    Ansabi pa, "COVID, sampalin kita d'yan, e!"

48. Beshie, na-retrench ako sa opisina.
    Depressed ka’t nag-aalala?
    Ano pa nga ba?
    Pasyal tayo sa dolomite.
    I know, right? (147 at 150)

Bagaman absurdo ngang maituturing sa diwa, hindi naman ito basta hinugot lamang sa wala ng may-akda. Sa dagli blg. 33 ni Siy, masasabing wala sa katwiran ang pang-aaresto at pagpapasikip lalo ng kulungan sa panahong may malalang sakit na madaling kumakalat sa pamamagitan ng paglalapit-lapit o *close contact*. Subalit sa pag-aaral na isinagawa ng Rappler sa mga paunang buwan makaraang makapasok ng COVID-19 sa Pilipinas, naitalang lampas sa 60,000 katao ang inaresto ng pulisya dahil lamang sa paglabag sa mga inilatag na tuntunin ng kuwarantina (Buan). Samantalang maaalala naman ang binitiwang pahayag ni dating pangulong Duterte hinggil sa virus mula sa huling linya ng naturang dagli.[18] Sa unang malas, nagmumukhang kumalas ang huling linya ng akda sa binubuong naratibo at lumikha ng guwang subalit kung paglilimiang maigi, narito ang kontra-pseudo-pusong na nagpapabaling sa mga mambabasa upang makita ang ugnayan ng aksiyon ng kapulisan sa pangulong pinagmumulan ng mga polisiyang walang pagsasaalang-alang sa mamamayan—ang pseudo-pusong na nakapagbibiro pang sasampalin ang virus (o veerus) samantalang nahahawa at namamatay na sa sakit ang marami. Dito, naidiriin ng akda ang manipis na linyang naghihiwalay sa kaabsurduhan at katotohanan, bagay na nakaliligalig kaysa nakatatawa. Nasa ganitong kaparehong maniobra din ng kontra-pseudo-pusong ang matitisod sa dagli blg. 48 ni Siy. Ilohikal na pamawi ng bagabag o lungkot ang pamamasyal sa Manila Bay, na kinaroroonan ng dolomite beach, subalit ang ganitong katwiran ay nagmula mismo sa pamahalaan sa tangkang ipagtanggol ang pagpapatuloy ng proyekto sa kasagsagan ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa (Aguilar). Maituturing, kung gayon, na ang isinasakdal ng mga dagli bilang absurdo ay hindi ang nilalaman nito o ang danas ng pandemya kundi ang mismong palakad ng pamahalaan. Sa ganitong paglalatag, higit na napatitingkad ang kritika kaysa siste ng kontra-pseudo-pusong. Nagsisilbi itong katunggaling tinig ng mga pagpapahayag ng pseudo-pusong at kung gayon

ay nakapagbibigay rin ng kontra-retorika sa spektakulong nais palabasin ng maykapangyarihan.

Isa lamang ang kombinasyon ng biro, siste, at pamumuna sa marami pang kaparaanan ng kontra-pseudo-pusong. Dahil na rin sa ganap nitong pagmamalay na ang binabatikos ay isang makapangyarihang pusong, kabilang sa kaniyang mekanismo ang tuwirang pagbalikwas at agresyon sa pinupuntirya. Kaniyang inilalantad sa madla ang mga kabulukan nito at ng pinaiiral na sistema upang ipabatid ang kasalukuyang mga pagkasadlak ng lipunan at hanapan ito ng ampat na pagbabago. Walang gatol si Gideon Lasco, sa kaniyang sanaysay na "Run," sa pagpapahayag ng kaniyang pagkadismaya sa pagkontrol ng pamahalaan sa krisis pangkalusugan. Naisuma niya ito sa paglalahad ng dalawang tiyak na pangyayari: ang pagbaril ng kapulisan sa isang retiradong sundalo na di-umano'y lumabag sa mga tuntunin ng kuwarantina; at pag-aresto sa isang construction worker dahil lamang sa pagtu-tweet ng kritika sa pangulo. Ang mga pangyayaring ito, kasama na ang iba pang kapalpakan ng gobyerno, ang sumusubok sa pasensiya ng tao habang may pandemya—isang "mass testing of patience," wika pa ng may-akda (Lasco 8–10). Higit namang tuwiran ang mga tula ni Ansherina Jazul sa paglalantad sa pagkahuwad at pagkamanhid ng mga opisyal ng pamahalaan sa panahon ng pandemya. Sa kaniyang "Kung Panahon lang ng Eleksiyon," naibubunyag ang pansamantalang malasakit at agarang paglimot ng mga kandidato sa mga nangangailangan. Nagiging kondisyonal lamang ang pagtulong kapalit ng pagpapabango ng pangalan upang mailuklok sila sa kapangyarihan. Oportunistang pagsasaaparisyon nilang mga mapagsamantala ang ibinubunyag ng akda ni Jazul kaya't sa mapanggising na katotohanan ipipinid ng makata ang kaniyang tula: "'Yun nga lang, / hindi ito ang panahon ng eleksiyon / kaya hindi natin sila makita" (Jazul 18). Isang direktang paglabag naman sa palakad ng pseudo-pusong ang makikita sa isa pang tula ni Jazul na "Ang Social Distancing Dito sa Amin" (18). Mapagparikala ang tulang ito na nagtatanong sa kinakausap kung paano nila isasakatuparan ang paglalayo-layo kung ang marhinalisadong daigdig na kanilang ginagalawan ay masikip at dikit-dikit. Komprontasyon ang tula sa mga panlahat na palakad ng pseudo-pusong at pamamahala nitong walang anumang pagsasaalang-alang sa sitwasyon ng ilan. Kongkretong larawan din ang akda sa padaskol-daskol na implementasyon ng

gobyerno ng mga panuntunan hindi labis na napag-isipan—dahilan upang lalong magdusa ang mga naghihirap na bago pa man magpandemya.[19]

Nananalaytay sa panulat ng mga may-akda ang diwa ng kontra-pseudo-pusong na humaharap sa mga institusyong panlipunan na sa halip na nagpapagaan sa suliraning pangkalusugan ng bansa ay dagdag-pasakit pa sa mamamayan. Makikitang muli sa mga akdang binanggit ang konsepto ng pamumusong na ipinaliwanag ni Nicanor Tiongson bilang pantukoy sa “diwa ng mapaglarong panunuligsa o espiritu ng karnibalisasyon” at naglalantad sa “mga puwersa/ uri/ institusyon/ bansa/ tao, na sa pananaw ng nasa ibaba ay nakasisira o nakasisikil sa matiwasay na pamumuhay o kapakanan ng mga mahirap-mahina-magaspang” (305, 325–26). Mula rito, mauunawang maaaring palagusin pa ng kontra-pseudo-pusong ang kaniyang pamumuna sa mga sistema, insitusyon, o indibidwal na nagsisilbing mga aparato ng pang-aapi ng pseudo-pusong, na punong salarin sa lahat. Ito ang napalilitaw ng pilolohikal na pag-aaral ni Genevieve Asenjo sa salitang tandüg, sa kaniyang sanaysay na “Tungkol sa Tandüg: Ilang Tala.” Pansinin sa ilang bahagi nito kung papaanong inisa-isang batikusin ng may-akda ang mga makapangyarihang alagad ng pseudo-pusong—

> Dito naman, “untouchable” ang tukoy natin sa mga mayayaman at maykapangyarihan. Dahil nakaiiwas sila. Sino ang nahuhuli sa mga checkpoint? Sino ang mga itinuturing na pasaway na lumalabag ng kuwarantina? Nag-mañanita na’t nag-party, bakit at nasa puwesto pa rin? *Nakakaiwas sila sa kanilang dumi!*
>
> *****
>
> Sino ang makakatandüg ng badyet?
>
> *****
>
> *Tactless* kapag kulang sa pakiramdam, kaya nakapagsalita ng hindi maganda, nakasakit ng damdamin. Katulad ng mga inaakusahang nagre-redtag at nagpapatutsada sa Makabayan at rebolusyonaryong hanay gayung naghihinagpis ang pamilya: binaril at sinaksak, ninakaw ang bangkay at ayaw ibigay.
>
> *****

> "Out-of-touch: ang ilang celebrity at opisyal kaya ang cancel-culture . . . Si Harry at ang kanyang Ocean Adventure sa Subic, Zambales.
>
> *****
>
> May pandemya't nagkaroon ng puting buhangin sa Manila Bay! (82–86)

Matapang at maanghang ang ginawang pag-uugnay ni Asenjo sa konsepto ng tandüg sa mga opisyal ng pamahalaang "tinakasan ng pandama" at delicadeza dahil sa pangungunyapit sa kanilang kapangyarihan. Sa mga piling bahaging ito ng kaniyang sanaysay, natuturol niya ang agwat sa sensibilidad ng pseudo-pusong at mga tagasunod nito sa aktuwal na danas ng mamamayang bumabata ng hirap. Binubuksan ng diwang kontra-pseudo-pusong na ito ang espasyo ng pagpapaunawa at pag-uudyok sa sinumang makababasa na paglimiang maigi ang mga pangyayaring binanggit at magsagawa ng mga angkop na pagkilos upang mahinto ang mga ganitong uri ng pamamahala. Inihaharap tayo ng pusong na ito sa kinasasadlakan nating makabagong digmang panlipunan, pangkalusugan, at pangkaasalan na retorika rin mismo ng rehimeng Duterte. Kaya naman sa maikling kuwento ni Abigail James na "Exceptions," sasabihin ng tauhan ang ganito: "Who knows when our cases will go down? The government seems waging a war on actual scientists" (110). Dahas ang pagwiwika ng nekro-politika ng pseudo-pusong na namamaybay sa parehong literal at metaporikal na antas kaya ganito na lamang ang panghihinawa sa sanaysay ni Dayang Yraola: "Ito ay tungkol sa hiwaga ng patuloy na paglaban sa panahon ng digma—'yung araw-araw na labanan, 'yung walang sumasabog pero maraming namamatay, 'yung walang nang-aapi pero maraming nasasamantala, 'yung hindi na tayo sigurado kung anong magaganap bukas, o kung may bukas pa nga ba" (183). Kinakasangkapan ng pseudo-pusong ang saklaw ng kaniyang institusyonal na kapangyarihan upang maglatag ng mga sirkumbensiyon sa batas at gawin itong normal na panganorin sa bayan. Tinatanggal ng kontra-pseudo-pusong ang nakatabing na mga maniobra ng katunggaling pseudo-pusong upang itambad ang hubad na katotohanan sa madla. Sa pagiging tuwirang ito ng kontra-pseudo-pusong, napaglalaho ang mga pagdadalawang-diwa ng kahulugang kaniyang ipinararating at mas nagiging tiyak ang epekto nito sa mambabasa. Tingnan ang direktang paglalarawan ni Jay Jomar Quintos sa kaniyang maikling kuwentong "Puhon" ng namamayaning dahas ng pseudo-pusong—

> . . . pag-usyoso sa bangkay na natagpuan sa may ilog na nakitaan ng tama ng baril sa ulo. Hindi na bago ang ganitong balita sa Agdao Market na siyang tapunan ng mga bangkay na pinapatay labas sa saklaw at sakop ng batas.
>
> Sa lahat ng nagaganap ngayon, hindi niya maibigay ang lubos na tiwala sa mga sundalo na sa halip na gawing payapa ang mga pangyayari ay lalong nakadadagdag sa gulo at nandadamay kahit ng mga inosenteng indibidwal. (120–21)

May inihahatid na ligalig sa mambabasa ang mga pahayag na ito ng tauhan sa akda sapagkat nagiging ordinaryo na sa karamihan ang hindi dapat ituring bilang karaniwan. Naiuusal niya ang kolektibong pagkakalagay sa balag ng alanganin at duda sa mga inaasahan sanang kakampi ng masa. Umiiral ang diwang kontra-pseudo-pusong sa kuwentong ito na may gampaning sirain ang ideang obhektibo, likas, at absoluto ang kasalukuyang kaayusang panlipunan sa pamamagitan ng aktuwal na paghamon dito. Kailangang tapatin, komprontahin, at ligaligin ang naturang kaayusang pinananatili ng pseudo-pusong upang ilantad ang mga kahinaan, kakulangan, at pang-aabusong nagaganap. Hayag din ang kontekstong ito sa isa pang bahagi ng akda ni Quintos na gumagamit ng mga imaheng binaryong nagsasalungatan upang ihayag ang ubod ng mensahe sa dulo:

> . . . mga sundalong hawak at tila inaari ang naglalaking baril, pulubi na nakatanghod sa eskinita sa pagitan ng Dunkin’ Donuts at Siomai King, at isang matandang babae na may dala-dalang karatula na may nakasulat na: ANG PAG-MUGNA UG TIUNAY NGA KABAG-UHAN DILI MAHITABO KUNG WALAY HUSTISYA! (119)

Sa mga nabanggit na akda, itinatampok ng kontra-pseudo-pusong ang likong pag-iisip at manipulasyon ng pseudo-pusong. Hindi niya ito iniiwang tiwangwang lamang kundi ginagawang espasyo upang igiit ang kaniyang pagiging mapanlikhang tagapagwasak—na sa pamamagitan ng paglalansag sa imahen ng pseudo-pusong ay nagagawa niyang makapagpasilip, kung hindi man makalikha, ng mga alternatibong moda ng kaayusang panlipunan. Naisasakatuparan ito ng kontra-pseudo-pusong sa pamamagitan ng pag-uudyok sa redireksiyon ng pananaw ng kinakausap o tuwirang pagsalungat sa binabatikos na katunggali. Sa mga tagpong tulad nito,

naisasakatauhang muli ng kontra-pusong ang katangian ng isang tipikal na pusong na gumaganap bilang “tagapaglagom ng mensahe” at “tagapagbigay ng aral” sa mambabasa (Tiongson 308).

Mahalaga ring mabanggit na sa sinusuring dyornal ay maeengkuwentro ang kontra-pseudo-pusong dahil sa paglalaro nito maging sa mga anyo. Pinaglalagiang espasyo ng pusong na ito ang parehong “kalamnan at kaanyuan”[20] ng mga akda. Nagiging bahagi ng kaniyang spektakulo ang pagbabago sa anyo bilang karagdagang talim sa nililikha niyang mga panunudyo. Maihahanay muli bilang halimbawa rito ang mga “COVIDagli” ni Siy na naglagay ng tiyak na bilang ng mga salitang bubuo sa dati nang kilala bilang maikling anyong pampanitikan. Bagaman mahigpit ang restriksiyon ng pagkukuwento ng may-akda sa tiglalabinsiyam na salita, hindi naman ito naging dahilan upang maglaho ang inaasahang pamumuna ng kontra-pseudo-pusong. Tingnan sa mga halimbawang nasa ibaba ang nanatiling kritika ng mga dagli sa mga aparato ng pandarahas ng pseudo-pusong—

3. Buong araw na ngang nagka-copy-paste, di pa rin siya maka-quota.
   Pag ganito’y change text, ayon sa farm manual nila.

26. “Libre bahay, pagkain, gamot, padoktor. Payag magka-COVID?”
    Tumango lang ang mag-asawa.
    “You’re hired! Bente mil kada ulong ipatutumba ni Boss.”

27. Walang mask ang sundalong nakadipang parang Kristo.
    “Wag n’yo nang patulan,” sigaw ng taumbayan.
    Kinalabit ng pulis ang gatilyo.

41. Pinatahimik ang tagapagbalita dahil ibinalita nito ang laging nasa ulo ng balita. Ang iba pang tagapagbalita, di na makapagsalita. (Siy 141–48)

Ganito rin ang masasabi sa maikling kuwento ni Iza Reyes na “Kahon-Kahon” na tumatalakay sa magkakaibang mukha ng epekto ng pandemya sa buhay-pagtuturo at pagkatuto. Gamit ang mga larawang kuha buhat sa e-mail, Zoom, Microsoft Word, PowerPoint, at Google Classroom, itinatahi ng naratibo ang pagkapilay ng sektor

ng mga guro at estudyante dahil sa kakapusan ng pagsasaalang-alang at tulong na dapat sana ay nagmumula sa mga ahensiyang pang-edukasyon ng pamahalaan. Kahit na magkakatilad na salaysayin at walang balangkas ang kuwento, matatagpuan pa rin dito ang iisang sentimyento na isasatinig ng estudyanteng si Lucas sa ganitong paraan: “Pare-pareho lang tayong biktima ng mas malaking halimaw, ng sistema. Ito raw ang dahilan ng lahat ng pagdurusa nating lahat. At totoo naman, bakit ba kasi walang mass testing, hanggang ngayon? O bakit ba hindi kumilos nang maayos ang gobyerno noong pasimula pa lamang ang lahat ng ito? Hinayaan pang lumala” (43). Sa akdang ito ni Reyes, makikitang nagsasapusong ang tauhang si Lucas na tuwirang naghahayag ng kritika at nagsasakdal sa sistemang pinamumunuan ng pseudo-pusong. Naibubunyag ng siniping pahayag ang dahas ng pseudo-pusong sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalabisan (pagkahalimaw ng sistema) at kakulangan (hindi pagkilos) nito.

Maikakatwiran namang maaaring mapabilang sa tinatawag ni Ramon Guillermo na “Dutertian Anti-Poetry” ang mga tula nina Adrian Pete Pregonir at Maria Del Carmen Castillo. Bagaman hindi mga “tulang” isinalansan mula sa mga pahayag ni Duterte, litaw na litaw naman ang paglabag nito sa kinasanayang mga anyo at katangian ng pagtula.[20] Sa akdang “Test I. Pagtatapat-tapat” ni Pregonir, pinag-anyong isang pagsusulit ang tula (153). Interesante ang sumisilay na pagkailohikal at kawalang-kaisahan nito dahil sa hindi mapagwari ng babasa ang anyo ng test type na nasa pagitan ng Pagtatapat-tapat at Pagpili, na nilahukan pa ng Mga Susing Salita. Nagiging makahulugan ang ganitong gulo ng anyo sa pagiging parallel (pagiging tapat nga, kung gayon) nito sa sigalot, dahas, at terorismong idinudulot ng pseudo-pusong at kaniyang mga alagad sa mamamayan. Sa mga inihanay na tanong-krimen ng makata sa kaniyang tulang pagsusulit, mahihinuhang tama o angkop ang alinmang isagot sa mga pamimilian: Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police, Kgg. Dzythirty, at All of the above. Kung gayon, hindi lang basta isang pagsusulit ang inihaharap ng kontra-pseudo-pusong sa mambabasa kundi isang meta-pagsusuri sa sitwasyong panlipunan na pinatitingkad lalo ng anyo ng akda. Samantala, waring inabandona naman ng tula ni Castillo na “Pasaway” ang paggamit ng parikala, pananalinghaga, at iba pang elementong pampanulaan sa kaniyang akda. Ang kabuoan ng tula ay nagsilbing *poetry of statements* na walang

habas na nagpaparatang sa kainutilan ng pseudo-pusong. Pinagsilbing mga hinaing o di naman kaya'y mga *rant* ang pananaludtod sa tula gaya ng makikita sa mga bahaging ito ng akda:

> I.
>
> Pasaway ang payaso sa palasyo ng walang pake.
> Dumaraing ang mga mamamayan
> Habang tuloy-tuloy ang buhay gahaman.
>
> III.
>
> Ang mga salitang marupok
> na nanggaling sa tulog na bibig
> Hoy!
> Makinig
> ka naman.
>
> V.
>
> Ang Kamatayan ay tuwang-tuwa
> Habang ang matanda ay tulog nang tulog
> kaysa tulong nang tulong.
> Pasaway ang payaso sa palasyo ng walang pake
> At tulog
> Tulog na tulog
> Durog na durog
> Bugbog na bugbog
> Pakiusog
> nga
> Ang pasaway. (191–93)

Mula sa mga naging pagsusuri sa mga akdang nakapaloob sa *Dx Machina 4*, naipakita ang pamamayagpag ng diwa ng kontra-pseudo-pusong sa kabuoan ng antolohiya. Isang lumang-bago ang uri ng pusong na ito na may pagmamalay sa kung sino ang magiging paksa ng kaniyang pamumuna at puntirya ng kaniyang panunudyo. Tanging mga makapangyarihang nandarahas, nang-aapi, at sumisikil sa masa ang ginagawa nitong biktima ng kritisismo. Ang tuwirang agresyon nito sa itinuturing na kaaway ay hindi dikta ng sariling interes bagkus ay para sa nakararami. Lumang-bago ang uri ng pusong na ito dahil sa reklamasyon nito ng mga katangiang inumit ng pseudo-pusong sa mga kilala’t kinagiliwan na Pilandok ng bayan. Inaagaw pabalik ng kontra-pseudo-pusong ang mga karakterisasyong ito upang maibalik ang gampanin ng pagpapatawa, gaspang sa gamit ng wika, kalabisan, at paglihis sa kinasanayan upang maging higit na mapagpalaya. Diskursong pangkapangyarihan ang masisipat sa bawat artikulasyon ng tipikal na pusong kung kaya’t ipinakikilala rin ng koleksiyon ang panapat sa pseudo-pusong: ang kontra-pseudo-pusong, na isang uri ng pusong na may malinaw na pagkiling sa kolektibo at bumabawi sa naipagkaloob na kapangyarihan sa pseudo-pusong sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng mga kabulukan nito at ng kaniyang mga kasabwat. May angking tapang ang kontra-pseudo-pusong sa kaniyang kritikang lumalagos sa pagpapatawa—nagiging tuwiran at walang pagsasala sa wika kung kinakailangan upang maging katunggali ng retorika ng pseudo-pusong na pinamamayani ng mga makinarya nito. Ang kontra-pseudo pusong ang muling nag-aangkin sa bisa ng biro at ikinikiling ito sa higit na makatarungang layon. Nasa panig ng katotohanan ang pusong na ito na nagpapaunawa at nag-uudyok sa paglilimi at pagkilos. Nakaliligalig ang kontra-pseudo-pusong hindi dahil sa pamumuhunan sa dahas at takot kundi dahil sa pagbubunyag nito sa mga umiiral na panlilinlang sa bayan. Siya ang mapanlikha/malikhaing nakapaglalaro sa anyo’t nilalaman ng alinmang teksto upang makapagpasilay ng mga posibilidad ng pagbalikwas. At siya rin ang tagapagwasak na maghihimagsik sa bago at lumang kaparaanan upang tutulan ang sinuman o alinmang pinagmumulan ng pagkaapi at pandarahas.

## Paglalahat: Ang Pagbawi’t Pagpapausad sa Pusong

Pluralidad ang bunga ng tropolikal na lapit sa tauhang pusong kung kaya nagsisilbing tungtungang-bato ang mga naunang isinagawang pagbasa rito na pagmumulan ng mga panibagong panunuri at pagpapausad sa karakter.

Maikakatwirang iniluwal ng pagkilala sa pseudo-pusong ang paglitaw ng kontra-pseudo-pusong na katambis nito. Nagmumula ang dalawa sa iisang wangis na nagpapakita ng mapagparikala at dialektikal na ugnayan. Sa pamamagitan ng kontra-pseudo-pusong, naipababaling muli sa marami ang mapagpalayang diwa ng tauhan. Bilang imaheng mapanghimagsik, naisasalba ng kontra-pseudo-pusong sa ganap na pagkabalaho ang bayang nahirati sa kaayusang naglilingkod lamang sa piling makapangyarihan. Binibigyang-akses ng pusong na ito ang kaniyang mga tagapagsubaybay sa mga sistemang umiiral at naghahayag ng serye ng mga posibilidad—ng kung ano-ang-maaari at nasa-dako-pa-roon. Tagapagsimula ang kontra-pseudo-pusong, na nagsasateksto at nagsasadiwa, sa dekonstruksiyon ng kasalukuyang status quo na itinuturing nito bilang marahas at mapang-api. Nasa saray ng retorika ng pusong na ito ang matalik na ugnayan ng paghamon at pagkilos patungo sa nilulunggati nating kagalingang pambayan.

Laging pagharap sa komplikadong sapot ang pagsasagawa ng anumang pagdalumat sa imahen ng pusong dahil sa dinamismong tinataglay nito. Ang ambigwidad sa karakter at pagkadiwa ng tauhan ang nagbibigay-laya sa kaniyang mga pagkilos at nagbubunga ng mayamang interpretasyon sa mga ito. Mananatiling palaisipan ang pusong sa anumang sandali ng panahon dahil sa kakayahan nitong patuloy na umangkop at magdala ng modipikasyon sa sarili sang-ayon sa itinuturing nitong pangangailangan ng paligid na kaniyang kinapapalooban. Kakailanganin, samakatwid, ang tuwi-tuwinang pagsubaybay sa transpormasyon ng tauhang ito. Magkagayunman, marapat lamang na igiiit ng pag-aaral na ito na gaano man kaenigmatiko ang katangian ng pusong, hindi ito kailanman dapat ipaakong muli sa mga huwad at marahas na puwersa sa lipunan. Ang pagbawi mula sa pseudo-pusong ng mga pamilyar na katangian ng tauhan ay akto ng pagsasalba sa tipikal na pusong mula sa rubrika ng panlilinlang. Pinangangatwiranang tunay na mapauusad lamang ang dalumat ng pusong kung nagmumula ang pagsusuri sa pagkilala sa mapagpalayang katangiang kaniyang taglay, na hindi magmamaliw saanman siya makarating. Samakatwid, ang totoong dekonstruktibong kontra-pusong ay ang pagtunggali sa anumang pormulasyon sa imahen ng pusong na nagtatanggal sa mga kapaki-pakinabang na gampanin ng tauhan. Laging sentro sa diwa ng pagkapusong at pamumusong ang layon ng pagpapaibayo tungo sa nilulunggating kagalingang pambayan. *Isang pagsulong.*

## Mga Tala

1 Maraming mga iskolar ang nagpahayag ng katulad na kaisipan hinggil sa naging mga panimulang pagpapahalaga sa pusong bilang paksa ng pag-aaral. Tingnan kina Ancheta at Christen.

2 Sa corpus na nakalap ni Don V. Hart at Hariett E. Hart, lumitaw rin bilang panawag sa pusong ang Padok, Masoy, Andres at Ekkon. Gayundin, nagkakaroon ng baryasyon ang pangalan ng pusong gaya ng Posong, Osong o Puson (xxxv).

3 Bagaman higit na nakatuon si Mikhail Bakhtin sa nobela pagdating sa kaniyang talakay sa heteroglossia, babanggitin niya ring “lahat ng genre na nag-uugat sa mga ‘seryo-komikal’ [kabilang ang mga kuwentong-bayan] ay awtentikong ninuno ng nobela” (All these genres, permeated with the ‘serio-comical,’ are authentic predecessors of the novel) (*Dialogic Imagination* 22, sa akin ang dagdag at salin).

4 Kaugnay ito ng idinidiskurso ni Peter Stallybrass na bisa ng transgresyon ng isang teksto sa mambabasa (9–23). Ganito rin ang diing ibinibigay ni Cooksey sa pusong na laging nagbabanta ng pagyanig sa sentro at paglusaw sa mga hangganan at itinakdang kaayusan (50–61).

5 Binibigyang-kahulugan ni Victor Turner ang liminal bilang isang transitoryong lunan; isang espasyong nakaumang sa sandali ng pagbabagong maaaring matamo o marating. Nagmumula sa salitang Latin na *limen* na tumutukoy sa rurok na nagdurugtong sa isang lugar patungo sa panibago—lagusan sa pagitan ng mga lugar kaysa isang tiyak na lugar mismo (94–130).

6 May katulad na talakay din si Bakhtin hinggil sa pagtawa sa iba niyang aklat. Aniya, “winawasak ng pagtawa ang takot o awa sa anumang bagay sa mundo upang ilapit ito sa pamilyaridad na hahantong naman sa malayang pagsisiyasat dito. Esensiyal na salik ang pagpapatawa sa paglalatag ng mga kakailanganin sa kawalang-takot. Dahil kung wala ito, magiging imposible ang makatotohanang pag-unawa sa mundo” (Laughter demolishes fear and piety before an object, before a world, making it an object of familiar contact and thus clearing the ground for an absolutely free investigation of it. Laughter is a vital factor in laying down that prerequisite for fearlessness without which it would be impossible to approach the world realistically) (*Dialogic Imagination* 23, sariling salin). Kung pagpapatawa sa konteksto ng Pilipinas ang dadalumatin, isa sa mga seminal na sanaysay na marapat basahin ang kay Florentino Hornedo. Tingnan kay Hornedo.

7 Taong 2022, ang kritikal na sanaysay ni Rafael na “The Sovereign Trickster” ay muling inilimbag bilang isang buong libro sa pamamahala ng Ateneo de Manila UP at Duke UP. Sapagkat isa nang buong libro, magiging bahagi ng aklat ang iba pang paksaing tumatalakay sa rehimeng Duterte katulad ng kasaysayan ng eleksiyon, ugnayang Marcos-Duterte, neoliberalismo, at digmaan kontra-droga. Bagaman isinasalin ng ibang naunang mananaliksik ang *sovereign trickster* bilang “pinunong pusong”, higit na pinapaboran sa sanaysay na ito ang paggamit ng “soberanong pusong” bilang pagkilala sa pag-iral ng naunang salita sa UP Diksiyonaryong Filipino at bilang katapatan na rin sa orihinal na terminong ginamit ni Rafael, na maikakatuwiran din bilang makahulugan sa sarili nito.

8 Ang pagkakategoryang ito ng mga katawan sa loob ng lipunan ay tinawag ni Ariella Azoulay bilang "differential body politic" na isa sa mga bunga ng mga sakunang likha ng rehimen (29–41). Binabanggit at pinalalawig din ito ni Rosa Cordillera Castillo sa kaniyang pag-aaral sa mga larawang kuha na dulot ng digmaang kontra-droga ng rehimeng Duterte (54–70).

9 Biktima ng marahas na pambubukod mula sa mga makapangyarihan o sa mismong estado, itinuturing ang piling pangkat mula sa lipunan bilang karapat-dapat na itakwil at balewalain. Tinatagurian silang mga bahid sa bayan na hindi dapat pamarisan at maparusahan. Tingnan kay Hinton.

10 Malaki ang kaibahan ng pagiging isang *conman* sa pusong kung pagbabatayan ang pinagmumulan nito, ang kaniyang pagwiwika, estratehiya, at maging sariling pagmumundo. Tingnan kay Maurer.

11 Hinggil sa pagiging arbitraryo ng (mga) salita, pinagbatayan ang pagpapalawig na ginawa ni Ferdinand de Saussure hinggil sa ugnayan ng *signifier* at *signified*. Tingnan kay de Saussure.

12 Binibigyang-kahulugan sa *UP Diksiyonaryong Filipino* bilang "paggamit ng salita na kasalungat ng literal ang kahulugan; isang obhetibo at mapang-uyam na paraan ng pagsulat o pagpapahayag; paraan ng pagbuo sa isang akda upang maipahayag ang nasa salungat o nagsusuhayang damdamin, idea, at katulad, lalo na upang ipahiwatig ang hindi pakikialam sa paksa; at pangyayari na salungat sa inaasahan."

13 Maiuugnay ito sa pamimilosopiya ni Georg Wilhelm Friedrich Hegel kaugnay ng dialektika, na metodo ng pangangatwirang kinasasangkutan ng paglitaw ng mga nagtutunggaling idea at/o proposisyon upang marating ang Katotohanan. Kalimitang idinidiskurso sa pamamagitan ng ugnayan ng tesis, pagtatambal dito ng antitesis, at pagsusupling ng sintesis. Tingnan kay Hegel.

14 Katulad nito ang mga argumento ni Rosario Cruz-Lucero na nangangatwirang kailangang baguhin ang isahang-dimensiyon na pagturing sa pusong dahil isa itong "master of double entrendre, of the polysemic" (15, 19). Maaari ding sangguniin si Roger D. Abrahams hinggil sa kaisipang ito (170).

15 Naibalita sa bansa ang samot-saring suliraning ibinunga mismo ng mga polisiyang ipinatupad ng pamahalaan sa pagpigil nito sa paglaganap ng pandemya. Tingnan kay Sabillo.

16 Mahihiwatigan dito ang sinasabi ni Terry Eagleton na "Naging ganap na alternatibong ideolohiya ang panitikan, at ang mismong 'imahinasyon'... ay naging puwersang politikal. Tungkulin nitong baguhin ang lipunan sang-ayon sa lakas at halagahan ng kinakatawan ng sining" (Literature has become a whole alternative ideology, and the imagination itself . . . becomes a political force. Its task is to transform society in the name of those energies and values which art embodies.) (17, sariling tipil at salin).

17 Para kay Mikhail M. Bakhtin, ang degradasyon ng isang bagay ay hindi lamang pagbibigay-pula sa isang tao o bagay. Nangangahulugan din ito ng "pag-apak sa lupa, ang pagkilala rito bilang elementong sabayang nagbubura at nagsisilang. Akto ng paglilibing at

pagtatanim ang degradasyon; isang kaalinsabay na pagpatay upang makapagpasilay ng higit pa at ng mas mabuti mula rito” (Degradation here means coming down to earth, the contact with earth as an element that swallows up and gives birth at the same time. To degrade is to bury, to sow, and to kill simultaneously, in order to bring forth something more and better) (*Rabelais* 21, sariling salin).

18 “Putang-inang idioto na corona ito. Hinahanap ko, gusto kong sampalin ang gago,” ang eksaktong mga salitang ipinahayag ni Duterte. Tingnan kay Lopez.

19 Maraming nawalan ng kabuhayan buhat nang pumasok ang COVID-19 sa Pilipinas bunga ng pagtigil-operasyon ng maraming kompanya’t mga pagawaan. Hindi rin nakatulong ang mabagal na pag-aabot ng tulong ng pamahalaan at pagpapatupad nito ng militaristikong lapit sa pagkontrol ng naturang sakit. Tingnan kay Santos.

20 Hiniram buhat sa naging paggamit ni Abadilla na pantukoy sa “nilalaman at anyo” upang maigiit ang tensiyon sa pagitan ng “dakilang pagwawasak” sa layuning makalikha ng panibago, bagay na karaniwang kilos din ng pusong. Tingnan kay Abadilla.

21 Inilarawan ni Ramon Guillermo bilang “poetry in its depthless intelligibility and abysmal incoherence.” Tingnan kay Guillermo.

## Mga Sanggunian

Abadilla, Alejandro G. "Tula: Kaisahan ng Kalamnan at Kaanyuan." *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan*, pinatnugutan ni Soledad S. Reyes, Anvil Publishing, 1992, pp. 227–29.

Abrahams, Roger D. "Trickster: The Outrageous Hero." *Our Living Traditions: An Introduction to American Folklore*, pinatnugutan ni Tristram P. Coffin, Basic Books, 1968, pp. 170–78.

Aguilar, Krissy. "'White-Sand' Manila Bay to Benefit Filipinos' Mental Health – Roque." *INQUIRER.Net*, 7 Sept. 2020, newsinfo.inquirer.net/1332269/. Accessed 5 Jan. 2024.

Ancheta, Maria Rhodora G. "Re-Presenting the 'Pusong': The Filipino Trickster and the Creation of Philippine Humor." *Halakhak: National Humor in Philippine Popular Cultural Forms*, U of the Philippines P, 2017, pp. 3–22.

Asenjo, Genevieve L. "Tungkol sa Tandüg: Ilang Tala." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 76–89.

Azoulay, Ariella. "Regime-Made Disaster – On the Possibility of Nongovernmental Viewing." *Sensible Politics: The Visual Cultures of Nongovernmental Politics*. Pinatnugutan nina Yates McKee at Meg McLagan, Zone Books, 2012, pp. 29–41.

Baclig, Cristina Eloisa. "Quarantine Flip Flop Unleashes Pandemic of Confusion, Frustration." *INQUIRER.NET*, 9 Sept. 2021, newsinfo.inquirer.net/1485960/. Accessed 5 Jan. 2024.

Bakhtin, Mikhail M. "Epic and Novel: Toward a Methodology for the Study of the Novel." *Dialogic Imagination: Four Essays*, pinatnugutan ni Michael Holquist, U of Texas P, 1981, pp. 3–40.

Bakhtin, Mikhail M., salin ni Hélène Iswolsky. "Rabelais in the History of Laughter." *Rabelais and His World*, Indiana UP, 1984, pp. 59–146.

Bal, Mieke. "Tricky Thematics." *Semeia 42: Reasoning with the Foxes: Female Wit in World of Male Power*, tomo. 42, blg. 1, 1988, pp. 133–55.

Buan, Lian. "Pandemic in Charts: Hundreds Arrested Daily, Filing Delays Leave Thousands in Jail." *RAPPLER*, 22 June 2022, www.rappler.com/newsbreak/iq/264432. Accessed 5 Jan. 2024.

Burke, Kenneth. "Four Master Tropes." *The Kenyon Review*, tomo. 3, blg. 4, 1941, pp. 421–38.

Castillo, Laurence Marvin S. "The (Anti)Colonial Awit of Juan Tamad: Didacticism and Subversion in a Colonial Metrical Romance." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, tomo 65, blg. 3, Sept. 2017, pp. 357–86, doi.org/10.1353/phs.2017.0022. Accessed 5 Jan. 2024.

Castillo, Maria Del Carmen R. "Pasaway." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 190–93.

Castillo, Rosa Cordillera A. "A Politics and Ethics of Viewing Photographs of Duterte's Drug War: Towards Reconceptualizing the Political Community." *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, and Performance*, tomo 1, blg. 2, 2021, pp. 54–70, doi: doi.org/10.59588/2782-8875.1015. Accessed 5 Jan. 2024.

Cruz-Lucero, Rosario. "Singer on the Mango Tree." *Ang Bayan sa Labas ng Maynila: The Nation Beyond Manila*. Ateneo de Manila U P, 2007.

Christen, Kimberly A. *Clowns and Tricksters: An Encyclopedia of Tradition and Culture*. ABC-Clio, 1998.

Cooksey, Thomas L. “Hero of the Margin: The Trickster as Deterritorialized Animal.” *Thalia: Studies in Literary Humor*, tomo 18, blg. 1–2, 1998, pp. 50–61.

Coronel, Maria Delia. “How Pilandok Became a Sultan.” *Stories and Legends from Filipino Folklore*, U of Santo Tomas P, Manila, 1968, pp. 30–32.

Debord, Guy. *The Society of the Spectacle*. Isinalin ni Donald Nicolson-Smith, Zone Books, 1994.

De Guzman, Daniel. “Foolish and Wise: Chronicles of Pinoy Folkloric Tricksters.” *Aswang Project*, 29 Mar. 2017, www.aswangproject.com/pinoy-folkloric-tricksters/. Accessed 5 Jan. 2024.

De Saussure, Ferdinand. *Course in General Linguistics*. Pinatnugutan ni Charles Balley et al., Open Court, 1995.

Dianzon, Leandro. “Ang Panunudyo at Pagpapatawa Sa Panulatang Tagalog.” *Mga Lektura Sa Panitikang Popular*, pinatnugutan ni Virgilio S. Almario, Komisyon sa Wikang Filipino, 2013, pp. 18–62.

Eagleton, Terry. “The Rise of English.” *Literary Theory: An Introduction*, U of Minnesota P, 1996, pp. 15–46.

Eugenio, Damiana L. *Folktales*, U of the Philippines P, 2002.

Fischer, Michael M.J. “Ethnicity and the Post-Modern Arts of Memory.” *Writing Culture: The Poetics and Politics of Ethnography*, pinatnugutan nina James Clifford at George Marcus, 1986, pp. 194–233.

Gonzales, Vladimeir B. “Bago Magreseta, Ano Muna ang Sakit? Mga Tala sa Unang Isyu ng Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19.” *Dx Machina 1: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 14, blg. 2, 2020, pp. vii–xix.

_____. “Mga Katotohanang Half-Meant, at kung Kailan Hindi na Biro ang Biro: Pagpapakilala sa Dx Machina 4.” *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. ix–xix.

Guillermo, Ramon. “On Court Poetry During the Marcos Dictatorship and A Note on Duterte’s Anti-Poetry.” *FORSEA*, 29 Apr. 2020, forsea.co/on-court-poetry-during-the-marcos-dictatorship-and-a-note-on-dutertes-anti-poetry/. Accessed 5 Jan. 2024.

Gutierrez, Benjo. “Tatlong (o Ilan pa bang) Pagtanggap sa Maginhawa Noong Minsang Naging Reporter.” Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 19–27.

Hart, Donn V., and Harriett E. Hart. “Juan Pusong: The Filipino Trickster Revisited.” *Asian Studies*, tomo 12, blg. 2–3, 1974, pp. 129–62.

Hegel, Georg Wilhelm Friedrich. “Consciousness.” *Hegel’s Phenomenology of Spirit*, pinatnugutan ni A. V. Miller, Oxford UP, 1977, pp. 58–104.

_____. *The Encyclopedia of Logic: Part 1 of the Encyclopedia of Philosophical Sciences with the Zuzätze*. Salin nina T. F. Garaets et al., Hackett, 1991.

Hinton, Alexander. “Culture, Genocide, and a Public Antropology.” *Annihilating Difference: The Anthropology of Genocide*. Pinatnugutan ni Alexander Hinton, U of California P, 2002, pp. 382–96.

Hornedo, Florentino H. “Political Jokes: Evasion and Resistance.” *Ideas and Ideals: Essays in Filipino Cognitive History*, U of Santo Tomas Publishing House, 2011, pp. 213–32.

James, Abigail C. “Exceptions.” Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 105–14.

Jazul, Ansherina May D. "Ang Social Distancing Dito sa Amin." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 15–16.

_____. "Kung Panahon lang ng Eleksiyon." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, p. 18.

Lasco, Gideon. "Run." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 2–14.

Lopez, Virgil. "'Gusto Kong Sampalin': Duterte Says PHL Can Defeat Threat of 'P- Inang Ncov.'" *GMA News Online*, GMA News Online, 10 Feb. 2020, www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/725532. Accessed 5 Jan. 2024. David, Maurer W. *The Big Con: The Story of the Confidence Man*. Anchor Books, 1999.

"Parikála." *UP Diksiyonaryong Filipino*. Pinatnugutan ni Virgilio S. Almario. Ikalawang ed., 2009.

"Pósong." *Vocabulario de la lengua tagala, compuesto por varios religiosos doctos y graves, y coordinado*. Pinatnugutan nina Virgilio S. Almario, et al. 2013.

Pregonir, Adrian Pete M. "Test I. Pagtatapat-tapat." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, p. 153.

Quintos, Jay Jomar F. "Puhon." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 115–29.

Rafael, Vicente L. "The Sovereign Trickster." *The Journal of Asian Studies*, tomo. 78, blg. 1, 2019, pp. 141–66, doi.org/10.1017/s0021911818002656. Accessed 5 Jan. 2024.

_____. *The Sovereign Trickster: Death and Laughter in the Age of Duterte*. Ateneo de Manila UP, 2022.

Reyes, Izza. "Kahon-Kahon." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 28–47.

Ryan, Allan J. *The Trickster Shift: Humour and Irony in Contemporary Art*. U of Washington P, 1999.

Sabillo, Kristine. "Experts Laments Philippines' 'Militaristic' Approach vs. COVID-19 Pandemic." *ABS-CBN News*, 25 June 2020, news.abs-cbn.com/news/06/25/20/. Accessed 5 June 2024.

San Juan, David Michael M. "Mga Pilas ng Danas sa Bakuna at Opera sa Panahon ng Pandemya." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 48–59.

Santos, Ana P. "Poverty Punished as Philippines Gets Tough in Virus Pandemic." *Al Jazeera*, Al Jazeera, 13 Apr. 2020, www.aljazeera.com/news/2020/4/13/. Accessed 5 Jan. 2024.

Siy, Beverly W. "COVIDagli." Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 140–50.

Stallybrass, Peter. "Boundary and Transgression: Body, Text, and Language." *Stanford French Review*, tomo 14, 1990, pp. 9–23.

Tiongson, Nicanor G. "Ang Pusong Sa Dulang Tagalog: Panimulang Pag-Aaral." *Memories, Visions and Scholarships and Other Essays*, U of the Philippines – Center for Integrative and Development Studies, 2002, pp. 305–38.

Tolentino, Rolando B. "Matagal nang Patay ang Babae: Bawal sa Panitikang Bayan." *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral, at Pagtuturo ng Panitikan*, Ateneo de Manila UP, 2007, pp. 39–55.

Turner, Victor. “Liminality and Communitas.” *The Ritual Process:: Structure and Anti-Structure*, Cornell UP, 1979, pp. 94–130.
White, Hayden. *Tropics of Discourse: Essays in Cultural Criticism*. Johns Hopkins UP, 1997.
Yraola, Dayang. “Ang Maging Artista sa Panahon ng Digma.” Pinatnugutan ni Vladimeir B. Gonzales. *Dx Machina 4: Philippine Literature in the Time of COVID-19*, tomo 15, blg. 3, 2021, pp. 182–89.

---

Si **John Carlo S. Gloria** (jgloria@ateneo.edu) ay kasalukuyang guro ng panitikan at wika sa Kagawaran ng Filipino, Paaralang Humanidades ng Pamantasang Ateneo de Manila kung saan niya nakamit ang kaniyang Masterado sa Panitikang Filipino. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang Doktorado sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, sa ilalim ng programa ng Panitikan ng Pilipinas. Mababasa ang kaniyang mga akdang tula at kuwento sa ilang antolohiya at dyornal sa loob ng bansa.